- Ang serbisyong ito ay available para tugunan ang apurahang kondisyon na

nangangailangan ng agarang atensyon. Ang pagpapatatag sa krisis ay tumatagal ng mas mababa sa 24 na oras at dapat ibigay sa isang lisensyadong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na bukas 24 na oras, sa isang pang-outpatient na programa sa ospital, o sa lugar ng provider na sertipikadong magbigay ng mga serbisyong ito.

Mga Serbisyo sa Residensyal na Paggamot sa Adult (Transitional Residential Treatment Programs)

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa mga may kondisyon sa kalusugang pangkaisipan na nakatira sa mga lisensiyadong residensiyal na pasilidad. Tumutulong sila sa pagbuo ng mga kasanayan para sa mga tao at nagbibigay ng mga serbisyo sa residensyal na paggamot para sa mga taong may kondisyon sa kalusugang pangkaisipan. Available ang mga serbisyong ito 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga gastusin sa kwarto at pananatili sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo ng Residensyal na Paggamot sa Krisis

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan at pagbuo ng mga kasanayan para sa mga may seryosong krisis sa pag-iisip o emosyon. Hindi ito para sa mga tao na kailangan ang psychiatric na pangangalaga sa isang ospital. Available ang mga serbisyo 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo sa mga lisensyadong pasilidad. Hindi sagot ng Medi-Cal ang mga gastusin sa kwarto at pananatili sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo ng Pang-araw na Intensibong Paggamot

- Ito ay isang organisadong programa sa paggamot sa kalusugang pangkaisipan na ibinibigay sa grupo ng mga tao na maaaring hindi kailangang ipaospital o sa iba pang pasilidad ng pangangalaga na bukas 24 na oras. Tumatagal ang programa ng hindi bababa sa tatlong oras kada araw. Kasama sa programang ito ang mga aktibidad sa pagbuo ng mga kasanayan at mga therapy at psychotherapy.

Pang-araw na Rehabilitasyon

- Ito ay isang programa na dinisenyo para tulungan ang mga taong mayroong kondisyon sa kalusugang pangkaisipan na matuto at bumuo ng mga kasanayan sa pamumuhay at para mas mahusay na pamahalaan ang kanilang mga sintomas. Tumatagal ang programang ito nang hindi bababa sa tatlong oras bawat araw. Kasama sa programa ang mga aktibidad sa pagbuo ng kasanayan at therapy.

Mga Inpatient na Serbisyo sa Psychiatric na Hospital

- Ito ay mga serbisyong ibinibigay sa lisensyadong psychiatric hospital. Ang isang lisensiyadong propesyonal sa kalusugang pangkaisipan ay nagpapasya kung ang isang tao ay nangangailangan ng masinsinang paggamot sa buong araw at gabi para sa kanilang kalagayan sa kalusugang pangkaisipan. Kung ang propesyonal ay magpasya na ang miyembro ay nangangailangan ng buong araw at gabi na paggamot, ang miyembro ay dapat manatili sa ospital nang 24 oras sa isang araw.

Mga Serbisyo sa Pasilidad Para sa Psychiatric na Kalusugan

- Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa isang lisensyadong pasilidad para sa psychiatric na kalusugan na dalubhasa sa 24 na oras na pangrehabilitasyong paggamot sa malulubhang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan. Ang mga pasilidad para sa psychiatric na kalusugan ay dapat na mayroong kasunduan sa mga kalapit na ospital o klinika para matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga ng pisikal na kalusugan ng mga tao sa pasilidad. Ang mga pasilidad para sa psychiatric na kalusugan ay maaari lamang tumanggap at gamutin ang mga pasyente na walang pisikal na karamdaman o pinsala na mangangailangan ng paggamot na higit sa karaniwang magagamot nang outpatient.

Mga Serbisyo ng Therapeutic Behavioral

Ang Therapeutic Behavioral Services ay masinsinang panandaliang interbensyon sa paggamot sa outpatient para sa mga miyembro hanggang sa edad na 21. Ang mga

serbisyong ito ay partikular na idinisenyo para sa bawat miyembro. Ang mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyong ito ay may malubhang emosyonal na pagkagambala, nakakaranas ng isang nakakapagod na pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang panandaliang, tiyak na mga serbisyo ng suporta.

Ang mga serbisyong ito ay isang uri ng espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan na magagamit sa pamamagitan ng lalawigan kung mayroon kang malubhang problema sa emosyon. Upang makakuha ng Therapeutic Behavioral Services, kailangan mong makatanggap ng isang serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, wala pang 21 taong gulang, at mayroong buong saklaw na Medi-Cal.

- Kung ikaw ay nakatira sa bahay, ang isang kawani ng Therapeutic Behavioral Services ay maaaring magtrabaho nang isa-isa sa iyo upang mabawasan ang malulubhang problema sa pag-uugali upang subukang panatilihin ka mula sa pangangailangan na pumunta sa isang mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng isang grupo ng bahay para sa mga bata at mga kabataan na wala pang 21 taong gulang na may napakalubhang emosyonal na mga problema.
- Kung nakatira ka sa isang lugar sa labas ng bahay, ang isang kawani ng Therapeutic Behavioral Services ay maaaring makipagtulungan sa iyo upang maaari kang makalipat sa bahay o sa isang setting na nakabatay sa pamilya, tulad ng isang foster home.

Ang Therapeutic Behavioral Services ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya, tagapag-alaga, o tagapangalaga na matuto ng mga bagong paraan ng pagtugon sa problema ng pag-uugali at pagtaas ng mga uri ng pag-uugali na magpapahintulot sa iyo na maging matagumpay. Ikaw, ang kawani ng Therapeutic Behavioral Services, at ang iyong pamilya, tagapag-alaga, o tagapangalaga ay magtutulong bilang isang koponan upang matugunan ang mga problema ng pag-uugali sa loob ng maikling panahon hanggang sa hindi mo na kailangan ang mga serbisyo. Magkakaroon ka ng isang plano ng Therapeutic Behavioral Services na magsasabi kung ano ang gagawin mo, ng iyong pamilya, tagapag-alaga, o tagapangalaga, at ng kawani ng Therapeutic Behavioral Services habang tinatanggap ang mga serbisyong ito. Kasama rin sa plano ng Therapeutic Behavioral Services kung kailan at saan magaganap ang mga serbisyo.

Ang kawani ng Therapeutic Behavioral Services ay maaaring makipagtulungan sa iyo sa karamihan ng mga lugar kung saan malamang na kailangan mo ng tulong. Kabilang dito ang iyong tahanan, foster home, paaralan, day treatment program, at iba pang mga lugar sa komunidad.

Koordinasyon ng Intensibong Pangangalaga

Ito ay isang targeted case management service na nagpapadali sa pagtatasa, pagpapalano ng pangangalaga, at koordinasyon ng mga serbisyo sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang. Ang serbisyong ito ay para sa mga taong kwalipikado para sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at tinutukoy sa serbisyo batay sa pangangailangang medikal. Ang serbisyong ito ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model. Kabilang dito ang pagtatatag ng Child and Family Team upang makatulong na matiyak na may maayos na pakikipag-ugnayan sa isang bata, kanilang pamilya, at mga kalahok sa sistema ng paglilingkod sa bata.

Kasama sa Child and Family Team ang propesyonal na suporta (halimbawa: care coordinator, provider, at case manager mula sa mga ahensya na nagsisilbi sa bata), natural na suporta (halimbawa: mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, at pari), at iba pang mga tao na nagtutulong upang gumawa at isagawa ang plano ng kliyente. Sinusuportahan at tinitiyak ng koponan na ito ang mga bata at pamilya na maabot ang kanilang mga layunin.

Ang serbisyong ito ay mayroon ding coordinator na:

- Tinitiyak na ang mga serbisyong medical na kinakailangan ay makukuha, naiugnay at nahatid sa naangkop na paraang batay sa kalakasan, pang-indibiduwal, nakatuon sa kliyente, at may kakayahang pangkultura at wika.
- Tinitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay ginagabayan ng mga pangangailangan ng bata.
- Gumagawa ng paraan para magtulungan ang lahat para sa anak, pamilya, provider, atbp.
- Sinusuportahan ang magulang/tagapag-alaga sa pagtulong sa pagtugon sa mga pangangailangan ng anak.

- Tumutulong sa pagtatatag ng Child and Family Team at nagbibigay ng patuloy na suporta.
- Tinitiyak na ang bata ay inaalagaan ng iba pang mga sistema ng pagsisilbi sa bata kapag kinakailangan.

Intensibong mga Serbisyo sa Bahay

- Ang mga serbisyong ito ay dinisenyo partikular para sa bawat miyembro. Kabilang dito ang mga interbensiyong nakabatay sa kalakasan para mapabuti ang mga kondisyon ng kalusugang pangkaisipan na nakakasagabal sa mga pagkilos ng bata/kabataan. Ang mga serbisyong ito ay naglalayong tulungan ang bata/kabataan na makabuo ng mga kasanayan na kailangan para maging matagumpay sa pagkilos sa tahanan at komunidad at pagpapahusay ng kakayahan ng kanilang pamilya na tulungan silang gawin ito.
- Ibinibigay ang Intensibong Serbisyo sa Bahay sa ilalim ng Integrated Core Practice Model ng Team ng Bata at Pamilya. Ginagamit nito ang pangkalahatang plano sa serbisyo ng pamilya. Ang mga serbisyong ito ay ipinagkakaloob sa mga miyembrong wala pang 21 taon na karapat-dapat para sa kumpletong sakop ng mga serbisyo ng Medi-Cal. Kinakailangan ang paunang awtorisasyon para tumanggap ng ganitong mga serbisyo.

Therapeutic Foster Care

- Ang modelo ng serbisyo ng Terapiyutikong Foster Care ay nagkakaloob ng panandalian, intensibo, at may kaalaman sa trauma na espesyal na mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan para sa mga bata na hanggang 21 taong gulang na may komplikadong pangangailangan para sa emosyon at pag-uugali. Ang mga serbisyong ito ay dinisenyo partikular para sa bawat miyembro. Sa Terapiyutikong Foster Care, ang mga bata ay inilalagay sa mga magulang na kalahok sa Terapiyutikong Foster Care na sinanay, sinusubaybayan, at sinusuportahan.

Parent-Child Interaction Therapy (PCIT)

- Ang PCIT ay isang programa na tumutulong sa mga batang nasa edad 2-7 taon na may mahihirap na pag-uugali at tumutulong sa kanilang mga magulang at tagapag-alaga na matuto ng mga bagong paraan upang pangasiwaan sila. Maaaring kasama sa mga ugaling ito ang pagkagalit o hindi pagsunod sa mga alituntunin.
- Sa pamamagitan ng PCIT, ang isang magulang o tagapag-alaga ay nakasuot ng headset habang nakikipaglaro sa kanilang anak sa isang espesyal na playroom. Nanonood ang isang therapist mula sa isa pang silid o nasa video at nagbibigay ng payo sa magulang o tagapag-alaga sa pamamagitan ng headset. Tinutulongan ng therapist ang magulang o tagapag-alaga na matutuhan kung paano hikayatin ang magandang pag-uugali at pagbutihin ang kanilang relasyon sa kanilang anak/inaalagaan.

Functional Family Therapy (FFT)

- Ang FFT ay isang maikli at nakatutok na programa sa pagpapayo para sa mga pamilya at kabataang nasa edad 11-18 taon na may mahihirap na pag-uugali o may problema na harapin ang kanilang mga emosyon. Maaaring kabilang dito ang paglabag sa mga alituntunin, pakikipag-away, o paggamit ng droga.
- Nakikipagtulungan ang FFT sa pamilya ng isang kabataan at kung minsan sa iba pang miyembro ng sistemang sumusuporta ng kabataan tulad ng mga guro o doktor upang makatulong na mabawasan ang hindi magandang pag-uugali ng kabataan.

Multisystemic Therapy (MST)

- Ang MST ay isang programang nakabatay sa pamilya para sa mga kabataang nasa edad 12-17 taon na nagpapakita ng malubhang kahirapan sa pag-uugali. Ang MST ay kadalasang ginagamit para sa mga kabataang nagkaroon ng problema sa batas o maaaring nasa panganib na paalisin sa bahay dahil sa kanilang pag-uugali.
- Kasama sa MST ang mga suporta ng pamilya at komunidad sa terapi upang matulungan ang mga kabataan na maayos ang mga pag-uugali tulad ng

paglabag sa batas o paggamit ng droga. Tinutulungan din ng MST ang mga magulang na matuto ng mga kasanayan para matulungan silang pangasiwaan ang mga ugaling ito sa tahanan, kasama ng kanilang mga barkada, o iba pang setting sa komunidad.

- Sa pamamagitan ng MST, maaaring matuto ang mga magulang at tagapag-alaga kung paano pangasiwaan ang mga hamon sa kasama ang kanilang mga anak/inaalagaang bata o tinedyer. Matututuhan din nilang mas mahusay na harapin ang mga isyu sa tahanan, sa mga kaibigan, o sa kanilang komunidad. Iginagalang ng programa ang iba't ibang kultura at nakatutok sa pagtulong sa mga pamilya sa kanilang mga sariling tahanan at komunidad. Nakikipagtulungan din ito sa mga paaralan, pulisya at mga korte.
- Maaaring magbago kung gaano kadalas magpulong ang mga pamilya sa programa. Maaaring kailangan lang ng ilang pamilya ang maiikling check-in, habang ang iba naman ay maaaring magpulong ng dalawang oras araw-araw o bawat linggo. Ang tulong na ito ay karaniwang tumatagal ng 3 hanggang 5 buwan.

Reentry na Kasangkot sa Katarungan

- Ang Behavioral Health Links ay isang programa kung saan kapartner ng BHS ang Jail Health Services at mga pasilidad ng pagwawasto upang matulungan ang mga miyembrong umalis sa pagkakakulong na kumonekta sa pangangalagang pangkalusugan ng pag-uugali pagkatapos ng kanilang paglabas. Ang BHS ay nakikipag-ugnayan ukol sa mga warm hand-off, nakikipag-ugnayan sa iba pang mga care manager at provider tungkol sa pagpapalano ng pagpapalabas (release), nagbibigay ng mga appointment pagkatapos ng paglabas, at tumutulong na matiyak ang ligtas na koneksyon sa patuloy na pangangalaga pagkatapos ng paglabas (post-release).
- Makipag-ugnayan sa inyong lalawigan sa 1-888-246-3333 (TTY:711) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta ng Peer (Medi-Cal Peer Support Services)

- Ang Medi-Cal Peer Support Services ay nagtataguyod ng paggaling, katatagan, paglahok, pakikisalamuha, pagsasarili, pagtataguyod ng sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagkilala sa mga lakas sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na aktibidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong (mga) itinalagang makabuluhang tao na sumusuporta at maaaring makatanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan o Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Peer Support Specialist sa Medi-Cal Peer Support Services ay isang indibidwal na may direktang karanasan sa mga kondisyon ng kalusugan ng pag-uugali o paggamit ng substansiya at nasa paggaling, na nakakumpleto nang mga kinakailangan ng programa ng sertipikasyon na aprobado ng Estado ng isang county, na sertipikado ng county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Behavioral Health Professional na lisensyado, napaubaya (waivered), o nakarehistro sa Estado.
- Kasama sa Medi-Cal Peer Support Services ang indibidwal at panggrupong coaching, mga pangkat sa pagbuo ng kasanayang pang-edukasyon, resource navigation, mga serbisyo sa pakikipag-ugnayan upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga aktibidad na terapeutik tulad ng pagpapalaganap sa pagtataguyod ng sarili.
- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Para sa San Francisco BHS, ang Peer Support Services ay inilunsad noong Abril 1, 2025.

Mga Serbisyo ng Mobile Crisis

- Ang San Francisco BHS Mobile Crisis Services (MCS) ay magagamit kung ikaw ay magkaroon ng krisis sa kalusugang pangkaisipan.
- Ang Mobile Crisis Services (MCS) ay ibinibigay ng mga health provider sa lugar kung saan dumaranas ka ng krisis, kabilang na ang sa iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang mga lokasyon ng komunidad, hindi kasama ang ospital o iba pang setting ng pasilidad. Ang Mobile Crisis Services ay magagamit ng 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Ang Mobile Crisis Services (MCS) ng San Francisco BHS ay may 24/7 crisis line na tinatawag at ipinapadala ng mga triage team para tumugon sa krisis sa labas. Ang mga field team ay binubuo ng dalawang indibiduwal mula sa isa sa mga sumusunod na disiplina, isang lisensyado o lisensiyadong waiver clinician, lisensiyadong psychiatric technician, nars o isang health worker.
- Kabilang sa Mobile Crisis Services (MCS) ang mabilis na pagtugon, pagtatasa ng bawat isa, pagpapalano ng kaligtasan at pagbabagong-tatag na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga mobile crisis provider ay magbibigay din ng warm handoffs o referral sa iba pang mga serbisyo.
- Nag-aalok ang MCS ng mga multi-ethnic at linguistic capable service, kabilang na ang mga threshold language ng lalawigan: Spanish, Cantonese, Mandarin, at Vietnamese, Russian, at Tagalog. Ang iba pang mga wika ay magagamit sa mga serbisyo ng telepono o in-person interpreter.
- Ang mga kawani ng MCS ay gumagawa ng mga istratehiya sa pagbabawas ng pinsala na may kaalaman sa trauma.
- Ang MCS ay nakikipagtulungan at nakikipag-ugnayan sa mga provider na sangkot sa pangangalaga ng miyembro at sa mga pasilidad na tumatanggap at nagpapatatag ng krisis kung kinakailangan.
- Ang MCS ay may access sa mga electronic health record para repasuhin ang mga chart ng isang miyembro para sa kasaysayang clinical at provider na impormasyon tungkol sa mga nasa aming pangangalaga.

Assertive Community Treatment (ACT) (nag-iiba ayon sa county)

- Ang ACT ay isang serbisyo na tumutulong sa mga tao na may malubhang pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan. Ang mga taong nangangailangan ng ACT ay karaniwang naospital na, napunta na sa emergency room, nanatili sa mga sentro ng paggamot at/o nagkaroon ng problema sa batas. Maaari ding wala silang tirahan o hindi nakakuha ng tulong mula sa mga regular na klinika.
- Iniaangkop ng ACT ang mga serbisyo sa bawat tao at sa kanilang sariling pangangailangan. Ang layunin ay tulungan ang mga tao na mas gumaan ang kanilang pakiramdam at matuto kung paano mamuhay sa kanilang komunidad. Ang isang pangkat ng iba't ibang eksperto ay sama-samang nagtutulongan upang magbigay ng lahat ng uri ng suporta at paggamot. Tumutulong ang pangkat na ito sa mga tao sa kanilang kalusugang pangkaisipan, nagtuturo sa kanila ng mahahalagang kasanayan sa buhay, nakikipag-ugnayan ukol sa kanilang pangangalaga, at nag-aalok ng suporta sa komunidad. Ang pangkalahatang layunin ay tulungan ang bawat tao na gumaling mula sa kanilang kondisyon sa kalusugang pag-uugali at mamuhay ng mas magandang buhay sa loob ng kanilang komunidad.
- Ang pagkakaloob ng ACT ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

Forensic Assertive Community Treatment (FACT) (nag-iiba ayon sa county)

- Ang FACT ay isang serbisyo na tumutulong sa mga taong may malulubhang pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan na nagkaroon din ng problema sa batas. Gumagana ito tulad ng programang ACT, ngunit may ilang karagdagang tampok upang matulungan ang mga taong nasa mataas na panganib o dati nang kasangkot sa sistema ng katarungang pangkriminal.
- Ang FACT team ay binubuo ng mga ekspertong may espesyal na pagsasanay upang maunawaan ang mga pangangailangan ng mga taong nagkaroon ng problema sa batas. Nagbibigay sila ng parehong mga uri ng suporta at paggamot

gaya ng ACT, tulad ng pagtulong sa kalusugan ng pag-uugali, pagtuturo ng mga kasanayan sa buhay, koordinasyon sa pangangalaga, at pag-aalok ng suporta sa komunidad.

- Ang layunin ay tulungan ang bawat tao na bumuti ang pakiramdam, umiwas sa gulo, at mamuhay ng mas malusog sa kanilang komunidad.
- Ang pagkakaloob ng FACT ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

Coordinated Specialty Care (CSC) para sa First Episode Psychosis (FEP) (nag-iiba ayon sa county)

- Ang CSC ay isang serbisyo na tumutulong sa mga taong nakakaranas ng psychosis sa unang pagkakataon. May maraming sintomas ang psychosis, kabilang ang nakakakita o nakakarinig ng mga bagay na hindi nakikita o naririnig ng ibang tao, Nagbibigay ang CSC ng mabilis at pinagsamang suporta sa mga unang yugto ng psychosis, na tumutulong na maiwasan ang mga pananatili sa ospital, pagpunta sa emergency room, pamamalagi sa mga sentro ng paggamot, problema sa batas, paggamit ng substansiya, at kawalan ng tahanan.
- Nakatuon ang CSC sa bawat tao at sa kanilang sariling mga pangangailangan. Ang isang pangkat ng iba’t ibang eksperto ay nagtutulungan upang magbigay ng lahat ng uri ng pagtulong. Tumutulong sila sa paggamot ng kalusugang pangkaisipan, nagtuturo ng mahahalagang kasanayan sa buhay, koordinasyon sa pangangalaga, at nag-aalok ng suporta sa komunidad. Ang layunin ay tulungan ang mga tao na mas bumuti ang pakiramdam, pamahalaan ang kanilang mga sintomas, at mamuhay nang maayos sa kanilang komunidad.

Clubhouse Services

- Ang mga Clubhouse ay mga espesyal na lugar na tumutulong sa mga tao na gumaling mula sa mga kondisyon ng kalusugan ng pag-uugali. Nakatuon sila sa mga lakas ng mga tao at sa paglikha ng isang sumusuportang komunidad.

- Sa isang Clubhouse, ang mga tao ay maaaring makahanap ng mga trabaho, makipagkaibigan, matuto ng mga bagong bagay, at bumuo ng mga kasanayan upang mapabuti ang kanilang kalusugan at kagalingan. Ang mga tao ay nakikipagtulungan din kasama ng mga kawani ng Clubhouse para mag-ambag sa mga ibinahaging pangangailangan ng Clubhouse, tulad ng paghahanda ng tanghalian para sa iba pang miyembro ng Clubhouse. Ang layunin ay tulungan ang lahat na maging miyembro ng isang komunidad, himukin ang iba na makamit ang kanilang mga layunin, at mapabuti ang kanilang pangkalahatang kalidad ng buhay.
- Ang pagkakaloob ng Clubhouse Services ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

Enhanced Community Health Worker (CHW) Services (nag-iiba ayon sa county)

- Ang mga CHW ay mga health worker na may espesyal na pagsasanay at mga pinagkakatiwalaang miyembro ng kanilang mga komunidad.
- Ang layunin ng Enhanced CHW Services ay tumulong sa paghinto ng mga sakit, kapansanan, at iba pang mga problema sa kalusugan bago pa lumala ang mga ito. Kabilang sa Enhanced CHW Services ang lahat ng parehong mga bahagi at alituntunin bilang regular na CHW preventive services, ngunit iniakma ang mga ito para sa mga tao na nangangailangan ng karagdagang suporta sa kalusugan ng pag-uugali. Ang layunin ay magbigay ng karagdagang suporta upang mapanatiling malusog at maayos ang mga miyembrong ito.
- Kabilang sa ilang mga serbisyong ito ang: edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kasama ang pagkontrol at prebensyon ng kronik o nakakahawang sakit; mga kondisyon sa pag-uugali, perinatal, at oral health; at pag-iwas sa pinsala; promosyon at coaching sa kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paggawa ng mga plano ng aksyon upang matugunan ang prebensyon at pamamahala ng sakit.

- Ang pagkakaloob ng Enhanced CHW Services ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

Suportadong Pagtatrabaho (Supported Employment)

- Ang modelo ng Individual Placement and Support (IPS) ng Suportadong Pagtatrabaho ay isang serbisyo na tumutulong sa mga taong may malulubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali na makahanap at mapanatili ang mga mapagkumpitensiyang trabaho sa kanilang komunidad.
- Sa pamamagitan ng pakikilahok sa IPS Supported Employment, ang mga tao ay maaaring makakuha ng mas magagandang resulta ng trabaho at masusuportahan ang kanilang paggaling mula sa kanilang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- Nakakatulong din ang programang ito na mapabuti ang pagsasarili, pakiramdam ng pagiging kabilang, at ang pangkalahatang kalusugan at kagalingan.
- Ang pagkakaloob ng Suportadong Pagtatrabaho (Supported Employment) ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

In-Reach Services (nag-iiba ayon sa county)

- Ang Community Transition In-Reach Services ay tumutulong sa mga tao na nasa isang psychiatric na ospital o pasilidad sa loob ng mahabang panahon o nasa panganib na mamalagi doon ng mahabang panahon. Nakikipagtulungan ang programang ito sa iyo, sa iyong pamilya, sa ospital o pasilidad, at iba pang sumusuportang tao para tulungan kang bumalik sa komunidad. Ang layunin ay tulungan kang maiwasan ang mahabang pananatili sa psychiatric na ospital o iba pang mga sentro ng pangangalaga.
- Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

Mga Serbisyo para sa Disorder sa Paggamit ng Substansiya

Ano ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County Services?

Ang mga serbisyo ng lalawigan ukol sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay para sa mga taong may kondisyon sa paggamit ng sangkap, ibig sabihin maaaring maling paggamit ng alak o iba pang mga gamot, o mga taong nanganganib na magkaroon ng kondisyon ng paggamit ng sangkap na maaaring hindi magamot ng pediatrician o general practitioner. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang trabaho na ginagawa ng provider upang makatulong na gawing mas mahusay ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kabilang sa mga ganitong uri ng mga bagay ang mga pagtatasa upang makita kung kailangan mo ang serbisyo at kung gumagana ang serbisyo.

Ang mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay maaaring ibigay sa isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (na kinabibilangan ng parehong audio-only at video interaction). Ang lalawigan at provider ay makikipagtulungan sa iyo upang matukoy ang dalas ng iyong mga serbisyo/ appointment.

Ang mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali sa Lungsod at County ng San Francisco ay nagsasagawa ng screening upang matukoy ang pinakamahusay na antas ng pangangalaga at uri ng paggamot para sa mga miyembro. Ipinapakita ng grid sa ibaba ang ilan sa mga uri ng paggamot, antas ng pangangalaga, at paglalarawan ng mga serbisyo ukol sa paggamit ng substansiya na mayroon sa loob ng sistema ng Behavioral Health Services ng San Francisco.

Uri ng Paggamot	Antas ng Pangangalaga	Paglalarawan
Mga Programa sa Paggamot ukol sa Opioid (Opioid Treatment Programs) & Medications for Opioid Use Disorder (MOUD)	1	Nagbibigay ng mga gamot para sa Opioid Use Disorder kabilang ang Methadone o Buprenorphine bilang karagdagan sa pagpapayo, mga serbisyong pang-edukasyon, medical screening, at mga referral sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.
Mga Serbisyo sa Outpatient (Outpatient Services)	1	Mga serbisyo sa paggamot na wala pang 9 na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang at wala pang 6 na oras sa isang linggo para sa mga kabataang tinedyer.
Matinding mga Serbisyo para sa Outpatient (Intensive Outpatient Services)	2.1	Mga serbisyo sa paggamot nang mahigit sa 9 na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang at mahigit sa 6 na oras sa isang linggo para sa mga kabataang tinedyer. Maaaring kabilang ang para sa mga grupo, indibidwal, at peer-to-peer na mga serbisyo.
Residential Treatment Services	3.1, 3.3, 3.5	24 na oras ng pangangalaga kasama ang mga sinanay na tagapayo (counselor).
Withdrawal Management Services	3.2	24 na oras ng pag-aalaga (nursing care) at araw-araw na pangangalaga ng doktor para sa pamamahala ng paglayo (withdraw) mula sa alcohol, opioids, atbp.
Residential Step-Down	N/A	Programang pagpapatatag (stabilization program) na nakikipagtulungan sa mga kliyente sa sandaling lumipat sila sa isang residential program at kasabay na naka-enrol sa Intensive Serbisyo sa Outpatient.
Mga Serbisyo sa Paggamit ng Substansiya para sa Kabataan (Substance Use Services for Youth)	0.5, 1.0, 2.1	Ang Maagang Interbensyon ay isang hanay ng mga serbisyo at suporta na dinisenyo upang pigilan ang isang kondisyon na maging mas malala. Ang mga serbisyo para kabataang outpatient ay mas mababa sa 6 na oras kada linggo para sa mga kabataan. Ang mga intensibong serbisyo para sa kabataang

		outpatient ay higit sa 6 na oras kada linggo para sa mga kabataan.
Iba pang mga Serbisyo ukol sa Paggamit ng Substansiya	N/A	Tingnan ang mga paglalarawan para sa Peer Support Services, Recovery Services, Contingency Management, atbp.

American Society of Addiction Medicine (ASAM)

Ang ilan sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na maaari mong matanggap ay batay sa mga pamantayan ng American Society of Addiction Medicine. Ang county o provider ay gagamitin ang kagamitan ng American Society of Addiction Medicine upang mahanap ang tamang uri ng mga serbisyo para sa iyo – kung kinakailangan. Ang mga uri ng mga serbisyong ito ay inilalarawan bilang “mga antas ng pangangalaga (levels of care),” at binigyang-kahulugan sa ibaba.

Pagsusuri, Pagtatasa, Maikling Interbensyon at Referral sa Paggamot (American Society of Addiction Medicine Level 0.5)

Ang Alcohol and Drug Screening, Assessment, Brief Interventions, at Referral to Treatment (SABIRT) ay hindi benepisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ito ay isang benepisyo sa Medi-Cal Fee-for Service at Medi-Cal managed care delivery system para sa mga miyembrong may edad na 11 taong gulang pataas. Ang mga pinamamahalaang plano sa pangangalaga ay dapat magbigay ng sakop na mga serbisyo sa disorder ng paggamit ng sangkap, kabilang ang serbisyong ito para sa mga miyembro na may edad na 11 taon at pataas.

Mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon

Ang maagang interbensyon ay serbisyo na sinasakop ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa mga miyembro na wala pang 21 taon. Sinumang miyembro na wala pang 21 taon na nasuri at natukoy na nasa panganib ng pagkakaroon ng substance use disorder ay maaaring makatanggap ng serbisyo na sakop sa ilalim ng outpatient na antas ng serbisyo bilang serbisyo ng maagang interbensyon. Ang

diagnosis ng substance use disorder ay hindi kinakailangan sa serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga miyembro na wala pang 21 taon.

Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring makakuha ng mga serbisyong inilarawan nang mas maaga sa hanbuk na ito pati na rin ang karagdagang mga serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng isang benepisyo na tinatawag na Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment.

Upang makakuha ng Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment services, ang isang miyembro ay dapat na wala pang 21 taong gulang at may buong saklaw na Medi-Cal. Ang benepisyo na ito ay sumasaklaw sa mga serbisyo na medikal na kinakailangan upang iwasto o tulungan ang mga kondisyon sa kalusugan ng pisikal at pag-uugali. Ang mga serbisyo na nagpapatibay, sumusuporta, nagpapabuti, o ginagawang mas natitiis ang isang kondisyon ay itinuturing na makakatulong sa kondisyon at sakop bilang Early and Periodic Screening, Diagnostic, at Treatment services. Ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang ay naiiba at mas madaling baguhin kaysa sa mga pamantayan ng pag-access para sa mga matatanda na nag-access sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, upang matugunan ang kinakailangan sa Maagang at Periodic Screening, Diagnostic, at Paggamot at ang layunin para sa pag-iwas at maagang interbensyon ng mga kondisyon ng disorder sa paggamit ng sangkap. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga serbisyong ito, tumawag lamang sa 1-888-246-3333 (TTY: 711) o bisitahin ang [DHCS Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment webpage](#).

Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient (American Society of Addiction Medicine Level 1)

- Ang serbisyo ng pagpapayo na ibinibigay sa mga miyembro hanggang sa siyam na oras sa isang linggo para sa mga adult at kulang-kulang anim na oras bawat linggo para sa mga miyembro na wala pang 21 taon kapag medikal na kinakailangan. Maaaring makakuha ka nang mas maraming oras batay sa iyong mga pangangailangan. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang

lisensyadong propesyonal, tulad ng isang counselor, nang harapan, sa telepono, o sa telehealth.

- Kasama sa mga Serbisyon Pang-Outpatient ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo (indibidwal at grupo), therapy sa pamilya, serbisyo ng pagbibigay ng gamot, Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa karamdaman ng paggamit ng opioid, Gamot Para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa karamdaman ng paggamit ng alkohol at iba pang substance use disorder na hindi opioid, pagtuturo sa pasyente, serbisyo para sa pagpapagaling, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa karamdaman ng paggamit ng gamot.
- Limitado ang laki ng grupo sa di-bababa sa dalawa (2) at di-hihigit sa labindalawang (12) miyembro.

Intensibong Serbisyo sa Outpatient (American Society of Addiction Medicine Level 2.1)

- Ibinibigay ang Intensibong Serbisyo sa Outpatient sa mga miyembro na may minimum na siyam na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga miyembro na wala pang 21 taon kapag natukoy na ito ay isang pangangailangang medikal. Ang mga serbisyo ay maaaring lumampas sa maximum batay sa indibiduwal na pangangailangang medikal. Ang mga serbisyo ay halos pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga isyu na may kaugnayan sa adiksiyon. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa isang nakabalangkas na setting. Ang Intensive Outpatient Treatment Services ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Ang Intensibong Serbisyo sa Outpatient ay mayroong parehong nilalaman gaya ng Serbisyo sa Outpatient. Ang mas mataas na bilang ng mga oras ng serbisyo ang pangunahing kaibahan.

Partial Hospitalization (nag-iiba ayon sa county) (American Society of Addiction Medicine Level 2.5)

- Ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang ay maaaring makakuha ng serbisyong ito sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot sa anumang county kung saan sila nakatira.
- Kabilang sa mga serbisyo ng Partial Hospitalization ang 20 o higit pang oras ng serbisyo kada linggo, kung medikal na kinakailangan. Ang mga programang partial hospitalization ay may direktang access sa mga serbisyo ng psychiatric, medikal, at laboratoryo at tumutugon sa mga natukoy na pangangailangan na naangangailangan ng pang-araw-araw na pagsubaybay o pamamahala ngunit maaaring matugunan nang naaangkop sa isang klinika. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o telepono.
- Ang mga serbisyo ng Partial Hospitalization ay katulad ng Intensive Outpatient Services, na may pagtaas sa bilang ng mga oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal na siyang pangunahing pagkakaiba.
- Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

Residensyal na Paggamot (American Society of Addiction Medicine Levels 3.1, 3.3, and 3.5)

- Ang Residential Treatment ay isang programa na nagbibigay ng mga serbisyo sa rehabilitasyon sa mga miyembrong may diagnosis ng substance use disorder, kapag natukoy na kailangan sa medisina. Ang miyembro ay maninirahan sa ari-arian at susuportahan sa kanilang mga pagsisikap na baguhin, mapanatili, iangkop ang mga kasanayan sa interpersonal at malayang pamumuhay sa pamamagitan ng pag-access sa mga sistema ng suporta sa komunidad. Karamihan sa mga serbisyo ay personal na ibinibigay; gayunpaman, ang telehealth at telepono ay maaari ding gamitin upang magbigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa residential treatment. Ang mga provider at residente ay nagtutulungan upang tukuyin ang mga hadlang, magtakda ng mga

prayoridad, magtatag ng mga layunin, at malutas ang mga problema sa karamdaman ng paggamit ng substansiya. Kabilang sa mga layunin ang hindi paggamit ng mga sangkap, paghahanda para sa mga trigger ng binat, pagpapabuti ng personal na kalusugan at mga kasanayan sa lipunan, at pagsali sa pangmatagalang pangangalaga.

- Nangangailangan ang mga residensyal na serbisyo ng paunang pahintulot ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng lalawigan.
- Kasama sa mga Residensyal na Serbisyo ang intake at pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibiduwal na pagpapayo, grupong pagpapayo, therapy sa pamilya, mga serbisyo para sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa karamdaman mula sa paggamit ng alak at iba pang hindi opioid na substance use disorder, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo para sa paggaling, at mga serbisyo para sa interbensyon sa krisis ng substance use disorder.
- Inaatasan ang mga provider ng mga Residensyal na Serbisyo na mag-alok ng mga gamot para sa paggamot ng adiksiyon sa site mismo o pangasiwaan ang pag-access sa mga gamot para sa paggamot ng adiksiyon na hindi sa site habang isinasagawa ang residensyal na paggamot. Hindi natutugunan ng mga provider ng Residensyal na Serbisyo ang kahilingang ito sa pamamagitan lang ng pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga provider ng Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon. Inaatasan ang mga provider ng Residensyal na Serbisyo na mag-alok at magreseta ng mga gamot sa mga miyembro na saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

***Mga Serbisyo ng Paggamot para sa Inpatient (Inpatient Treatment Services)
(batay sa awtorisasyon ng county) (nag-iiba ayon sa county) (American Society of
Addiction Medicine Levels 3.1 – 4.0)***

- Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirhan.
- Ang mga serbisyo para sa inpatient ay ibinibigay sa isang setting na bukas ng 24-oras na nagkakaloob ng propesyonal na pamamahala na pagtataya, obserbasyon, medikal na pagsubaybay, at paggamot ng adiksiyon sa isang inpatient setting. Karamihan sa serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunman, maaari ding gamitin ang telehealth at telepono upang magbigay ng mga serbisyo habang ang tao ay nasa inpatient na paggamot.
- Ang mga serbisyo para sa inpatient ay lubos na nakaayos, at isang doktor ang malamang na available on-site 24 na oras araw-araw, kasama ang mga Rehistradong Nars, addiction counselor, at iba pang kawani sa klinika. Kabilang sa Inpatient Services ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, terapi sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, Medication sa Paggamot ng Adiksiyon para sa opioid use disorder, Medication sa Paggamot ng Adiksiyon para sa karamdaman sa paggamit ng Alcohol at iba pang mga non-opioid substance use disorder, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo sa interbensyon sa krisis para sa karamdaman sa paggamit ng substansiya.

Programa ng Paggamot ng Opioid

- Ang Opioid Treatment Programs ay mga programa sa labas ng ospital na nagbibigay ng mga gamot para gamutin ang mga karamdaman sa paggamit ng sangkap, kapag iniutos ng doktor kung kinakailangan. Ang Opioid Treatment Programs ay kinakailangan upang magbigay ng mga gamot sa mga miyembro, kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Ang isang miyembro ay dapat alukin, sa minimum, ng 50 minuto ng mga sesyon ng pagpapayo bawat buwan sa kalendaryo. Ang mga serbisyong ito sa

pagpapayo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Kabilang sa mga Opioid Treatment Services ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, medikal na psychotherapy, mga serbisyo sa gamot, pamamahala ng pangangalaga, Gamot para sa Paggamot ng Addiction para sa opioid use disorder, Gamot para sa Paggamot ng Addiction para sa karamdaman sa paggamit ng alak at iba pang mga disorder sa paggamit ng di opioid na sangkap, edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo sa interbensyon sa krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap.

Pamamahala sa Withdrawal (American Society of Addiction Medicine Level 3.2)

- Ang mga serbisyo ng pamamahala sa withdrawal ay agaran at ibinibigay nang panandalian. Pwedeng ibigay ang mga serbisyong ito bago makumpleto ang buong pagtataya. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng pamamahala sa withdrawal sa outpatient, residensyal, o inpatient na kaayusan.
- Anuman ang uri ng kaayusan, susubaybayan ang miyembro sa proseso ng pamamahala sa withdrawal. Ang mga miyembrong tumatanggap ng pamamahala sa withdrawal sa residensyal o inpatient na kaayusan ay dapat manirahan sa lokasyong iyon. Ang medikal na kinakailangan na habilitative at rehabilitative na mga serbisyo ay irereseta ng isang lisensyadong doktor o lisensyadong tagapagbigay ng reseta.
- Kasama sa Mga Serbisyo ng Pamamahala sa Withdrawal ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, mga serbisyo para sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa karamdaman mula sa paggamit ng alak at iba pang hindi opioid na substance use disorder, obserbasyon, at mga serbisyo para sa paggaling.

Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon

- Available ang Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon sa klinikal at di-klinikal na kaayusan. Kasama sa Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon ang lahat ng gamot at biyolohikal na produkto na aprubado ng FDA para gamutin ang

karamdaman mula sa paggamit ng alak, opioid use disorder, at anumang substance use disorder. May karapatan ang mga miyembro na alukin ng Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa site mismo o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kasama sa listahan ng aprubadong gamot ang:

- Acamprosate Calcium
 - Buprenorphine Hydrochloride
 - Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
 - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
 - Naloxone Hydrochloride
 - Naltrexone (oral)
 - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
 - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
 - Disulfiram (Antabuse)
 - Methadone (ide-deliver lang ng Narcotic Treatment Programs)
- Maaaring ibigay ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa sumusunod na mga serbisyo: pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibiduwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, mga serbisyo para sa gamot, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo para sa paggaling, mga serbisyo ng interbensyon sa krisis ng substance use disorder, at mga serbisyo ng pamamahala sa withdrawal. Maaaring ibigay ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon bilang bahagi ng lahat ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, kasama ang Mga Serbisyo ng Paggamot para sa Outpatient, Intensibong Serbisyo para sa Outpatient, at Residensyal na Paggamot, bilang halimbawa.
 - Maaari ding i-access ng mga miyembro ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa labas ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng lalawigan. Halimbawa, ang mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon, gaya ng buprenorphine, ay puwedeng ireseta ng ilang tagapagbigay ng reseta sa mga kaayusan ng pangunahing pangangalaga na nakikipagtulungan sa iyong managed care plan at puwedeng ipamahagi o ibigay ng botika.

- Nag-aalok din ang iyong lalawigan ng telehealth treatment para sa opioid use disorder sa pamamagitan ng pagtawag sa Behavioral Health Access Line sa 1-888-246-3333.
 - Ang programa ng Pagdadala ng Pinalawak na Access sa Gamot (BEAM) ng San Francisco ay kinokonekta ang mga residente sa mga clinician sa pamamagitan ng telepono (araw-araw, 8am hanggang hatinggabi) upang talakayin ang mga pagpipilian sa medication treatment para sa opioid use disorder. Depende sa plano ng paggamot, ang mga miyembro ay maaaring makatanggap ng isang reseta ng buprenorphine o makatanggap ng suporta na kumokonekta sa isang programa ng paggamot ng opioid para sa methadone. Ang mga navigator ng pasyente ay tumutulong sa mga miyembro sa pagpili ng mga gamot, pagtatatag ng patuloy na pangangalaga, at pagtugon sa iba pang mga pangangailangan, kabilang ang tirahan. Tumawag sa 1-888-246-3333 (TTY:711) para kumonekta sa isang medical professional tungkol sa mga gamot para sa pagkalulong sa fentanyl, heroin, o opioid pills.
 - OBIC (dating kilala bilang ang Office Based Buprenorphine Induction Clinic) ay nagbibigay ng paggamot para sa mga indibiduwal na nais na ihinto, putulin (cut back), o bawasan ang mga pinsala na may kaugnayan sa paggamit ng gamot. Ang OBIC ay gumaganap ng isang sentral na papel sa pangkalahatang pangangalaga ng Serbisyong Pangkalusugan ng Pag-uugali sa mga may opioid use disorder sa pamamagitan ng pagsisimula ng buprenorphine treatment para sa opioid use disorder, pagpapatatag ng mga pasyente, at pagkatapos ay paglipat sa kanila sa patuloy na pangangalaga ng buprenorphine na isinama sa pangunahing pangangalaga na nakabatay sa komunidad o pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan. Ang OBIC ay may gitnang lokasyon sa 1380 Howard Street na may Mga Serbisyo sa Pag-access sa Kalusugan ng Pag-uugali. (<https://www.sf.gov/location/behavioral-health-access-center-bhac>).

Reentry na Kasangkot sa Katarungan

- Ang Behavioral Health Links ay isang programa kung saan kapartner ng BHS ang Jail Health Services at mga pasilidad ng pagwawasto upang matulungan ang mga miyembrong lumabas na sa pagkakakulong na kumonekta sa pangangalagang pangkalusugan ng pag-uugali pagkatapos ng [aglabas (release)]. Ang BHS ay nakikipag-ugnayan sa mga warm handoff, nakikipag-ugnayan sa iba pang mga care manager at provider tungkol sa pagpapalano ng paglaya (release), nagbibigay ng mga appointment pagkatapos ng paglaya, at tumutulong na matiyak ang ligtas na koneksyon sa patuloy na pangangalagang pagkatapos ng paglaya.
- Tumawag sa inyong lalawigan sa 1-888-246-3333 (TTY: 711) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta ng Peer (Medi-Cal Peer Support Services)

- Ang Medi-Cal Peer Support Services ay nagtataguyod ng paggaling, katatagan, paglahok, pakikisalamuha, pagsasarili, pagtataguyod ng sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagkilala sa mga lakas sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na aktibidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong (mga) itinalagang makabuluhang tao na sumusuporta at maaaring makatanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan o Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Peer Support Specialist sa Medi-Cal Peer Support Services ay isang indibidwal na may direktang karanasan sa mga kondisyon ng kalusugan ng pag-uugali o paggamit ng substansiya at nasa paggaling, na nakakumpleto ng mga kinakailangan ng programa ng sertipikasyon na aprobado ng Estado ng isang county, na sertipikado ng mga county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Behavioral Health Professional na lisensyado, napaubaya (waivered), o nakarehistro sa Estado.
- Kasama sa Medi-Cal Peer Support Services ang indibidwal at panggrupong coaching, mga pangkat sa pagbuo ng kasanayang pang-edukasyon, resource

navigation, mga serbisyo sa pakikipag-ugnayan upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga aktibidad na terapeutik tulad ng pagpapalaganap sa pagtataguyod ng sarili.

- Ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Para sa San Francisco BHS, ang Peer Support Services ay inilunsad noong Abril 1, 2025.

Mga Serbisyo para sa Paggaling

- Maaaring maging mahalaga ang mga Serbisyo para sa Paggaling sa bahagi ng iyong paggaling at kapakanan. Matutulungan ka ng mga Serbisyo para sa Paggaling na kumonekta sa komunidad ng paggamot para mapamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalaga ng kalusugan. Kaya naman, itinatampok ng serbisyong ito ang iyong papel sa pamamahala ng iyong kalusugan, gamit ang mga estraterhiyang sumusuporta sa epektibong pamamahala sa sarili, at pag-oorganisa ng panloob at pangkomunidad na mapagkukunan para magbigay ng patuloy na suporta para sa pamamahala sa sarili.
- Maaari mong matanggap ang mga Serbisyo para sa Paggaling base sa iyong sariling pagtatasa o pagtatasa ng provider sa panganib na mabinat. Maaaring ibigay ang mga Serbisyo para sa Paggaling nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Kasama sa mga Serbisyo para sa Paggaling ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo sa indibiduwal, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, pagsubaybay sa paggaling, at mga bahagi para mapigilan ang pagkabinat.

Koordinasyon ng Pangangalaga

- Ang mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad para magbigay ng koordinasyon ng pangangalaga para sa substance use disorder, pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan, at medikal na pangangalaga, at para magbigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta

para sa kalusugan mo. Ibinibigay ang Koordinasyon ng Pangangalaga sa lahat ng serbisyo at puwedeng mangyari sa klinikal o di-klinikal na kaayusan, kasama dito ang sa iyong komunidad.

- Kasama sa mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga ang koordinasyon sa mga provider ng medikal at kalusugang pangkaisipan para subaybayan at suportahan ang mga kondisyon sa kalusugan, pagpapalano sa pag-discharge, at koordinasyon sa pantulong na serbisyo kasama na ang pag-uugnay sa iyo sa mga serbisyo sa loob ng komunidad gaya ng pangangalagang pambata, transportasyon, at pabahay.

Contingency Management

- Ang DMC-ODS Plan ng San Francisco county ay nagbibigay ng mga serbisyo sa Pamamahala ng Contingency.
- Ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot saanman ang kanilang county na tinitirhan.
- Ang Contingency Management Services ay isang batay sa ebidensiyang paggamot para sa stimulant use disorder kung saan ang mga kwalipikadong miyembro ay lalahok sa nakabalangkas na 24 na linggong outpatient Contingency Management service, na susundan ng anim o higit pang buwan ng karagdagang mga serbisyo sa suporta sa paggamot at paggaling nang walang insentibo.
- Ang unang 12 linggo ng mga serbisyo sa Contingency Management ay kinabibilangan ng sunud-sunod na mga insentibo para matugunan ang mga layunin sa paggamot, lalo na ang hindi paggamit ng mga stimulant (hal., cocaine, amphetamine, at methamphetamine). Ang mga kalahok ay dapat sumang-ayon sa mga pagsusuri sa droga sa ihi nang madalas ayon sa programa ng mga serbisyo sa Pamamahala ng Contingency. Ang mga insentibo ay binubuo ng mga katumbas na pera (hal., mga gift card).
- Ang Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Contingency ay magagamit lamang ng mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyo sa isang di-residensyal na

setting na pinatatakbo ng isang kalahok na provider at nakatala at nakikibahagi sa isang komprehensibo, indibidwal na kurso ng paggamot.

Serbisyo ng Mobile Crisis

- Ang Mobile Crisis Services (MCS) ng San Francisco BHS ay magagamit kung ikaw ay may krisis sa paggamit ng substansiya.
- Ang mga Serbisyo ng Mobile Crisis ay mga serbisyong ibinibigay ng mga health provider sa lokasyon kung saan ka dumaranas ng krisis, kasama ang iyong bahay, trabaho, paaralan, o sa iba pang lokasyon sa komunidad, hindi kasama ang ospital o iba pang setting ng pasilidad. Available ang serbisyo ng Mobile Crisis sa loob ng 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa buong taon.
- Ang Mobile Crisis Services (MCS) ng San Francisco BHS ay may 24/7 crisis line na tinatawag at ipinapadala ng mga triage team para tumugon sa krisis sa labas (field). Ang mga team sa field ay binubuo ng dalawang indibidwal mula sa isa sa mga sumusunod na disiplina, isang lisensyado o lisensiyadong waiver clinician, lisensiyadong psychiatric technician, nars o isang health worker.
- Kasama sa mga Serbisyo ng Mobile Crisis ang mabilis na pagtugon, indibidwal na pagtatasa, at mga pagtatatag na base sa komunidad. Kung kailangan ng iba pang pangangalaga, ang mga mobile crisis provider ay maaaring magsagawa ng mga warm handoff o referral sa iba pang mga serbisyo.
- Nag-aalok ang MCS ng mga multi-ethnic at linguistic capable service, kabilang na ang mga threshold language ng lalawigan: Spanish, Cantonese, Mandarin, at Vietnamese, Russian, at Tagalog. Ang iba pang mga wika ay magagamit sa mga serbisyo ng telepono o in person interpreter.
- Ang mga kawani ng MCS ay gumagawa ng mgaistratehiya sa pagbabawas ng pinsala na may kaalaman sa trauma.
- Ang MCS ay nakikipagtulungan at nakikipag-ugnayan sa mga provider na sangkot sa pangangalaga ng miyembro at sa mga pasilidad na tumatanggap at nagpapatatag ng krisis kung kinakailangan.

- Ang MCS ay may access sa mga electronic health record para repasuhin ang mga chart ng isang miyembro para sa makasaysayang clinical at provider information para sa mga nasa aming pangangalaga.

Mga Tradisyunal na Kasanayan sa Pangangalagang Pangkalusugan

- Ang mga tradisyunal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ay inaasahang mapapabuti ang pag-access sa pangangalagang tumutugon sa kultura; suportahan ang kakayahan ng mga pasilidad na ito upang mapagsilbihan ang kanilang mga pasyente; panatilihin at alalayan ang kalusugan; mapabuti ang mga resulta ng kalusugan at ang kalidad at karanasan ng pangangalaga; at mabawasan ang mga umiiral na pagkakaiba sa pag-access sa pangangalaga.
- Ang mga tradisyunal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ay sumasaklaw sa dawalang bagong uri ng serbisyo: mga serbisyo ng Traditional Healer at Natural Helper. Kabilang sa mga serbisyo ng Traditional Healer ang music therapy (gaya ng tradisyunal na musika at mga awit, pagsayaw, pagtugtog ng tambol), espirituwalidad (gaya ng mga seremonya, ritual, herbal remedies) at iba pang mga integrative approach. Ang mga serbisyo ng Natural Helper ay maaaring tumulong sa navigational support, psychosocial skill building, pamamahala ng sarili, at suporta sa trauma.
- Tingnan ang bahaging “Karagdagang Impormasyong sa County (Additional County Information)” para sa pagkakaroon at timeline ng serbisyong ito sa loob ng SF BHS.

MGA SERBISYONG AVAILABLE SA TELEPONO O TELEHEALTH

Ang personal, o harapan na kontak sa pagitan mo at ng iyong provider ay hindi laging kinakailangan para makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan.

Depende sa iyong mga serbisyo, maaari mong matanggap ang mga serbisyo mo sa pamamagitan ng telepono o telehealth. Dapat ipaliwanag sa iyo ng iyong provider ang tungkol sa paggamit ng telepono o telehealth at siguraduhin na sang-ayon ka bago simulan ang mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o telehealth. Kahit na sumang-ayon ka na tumanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o telehealth, maaari mong piliin sa ibang panahon na tumanggap ng mga serbisyo sa personal o harapan. Ang ilang uri ng serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay hindi maibibigay sa pamamagitan lang ng telehealth o telepono dahil hinihiling nito na nasa partikular na lugar ka para sa serbisyo, tulad ng serbisyo ng residensyal na paggamot o serbisyo ng ospital.

PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA: MAGHAIN NG REKLAMO, PAG-APELA, O HUMILING NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO

Paano kung hindi ko makuha ang mga serbisyo na gusto ko mula sa aking Lalawigan?

Ang iyong lalawigan ay dapat magkaroon ng isang paraan para sa iyo upang gumana ang anumang mga problema na may kaugnayan sa mga serbisyo na gusto mo o iyong tinatanggap. Tinatawag itong proseso ng paglutas ng problema at maaaring binubuo ng mga sumusunod:

- **Proseso ng Reklamo:** Isang pananalita o nakasulat na pagpapahayag ng kalungkutan tungkol sa anumang bagay tungkol sa iyong espesyalidad na mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, mga serbisyo para sa karamdaman ng paggamit ng substansiya, isang provider, o ang lalawigan. Sumangguni sa bahagi ng Proseso ng Reklamo sa handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- **Proseso ng Apela:** Ang apela ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng lalawigan na baguhin ang iyong mga serbisyo (hal., pagtanggap, pagwawakas, o pagbabawas sa mga serbisyo) o hindi masakop ang mga ito. Sumangguni sa bahaging Proseso ng Pag-apela sa handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- **Proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado:** Ang Makatarungang Pagdinig ng Estado ay isang pulong sa isang hukom ng batas administratibo mula sa California Department of Social Services (CDSS) kung ang lalawigan ay tumatanggi sa iyong apela. Sumangguni sa bahagi ng State Fair Hearing sa handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Ang paghahain ng reklamo, apela, o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ay hindi makakaapekto sa mga serbisyong natatanggap mo. Ang paghain ng isang reklamo o apela ay tumutulong upang makuha mo ang mga serbisyo na kailangan mo at upang malutas ang anumang mga problema na mayroon ka sa iyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga reklamo at apela ay tumutulong din sa lalawigan

sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng impormasyon na magagamit nila upang mapabuti ang mga serbisyo. Ipapaalam ng iyong lalawigan sa iyo, sa mga provider, at mga magulang/tagapag-alaga ang kinalabasan sa sandaling makumpleto ang iyong reklamo o apela. Ipapaalam ng State Fair Hearing Office sa iyo at sa tagapagbigay ng resulta kapag makumpleto ang State Fair Hearing.

Tandaan: Alamin pa ang tungkol sa bawat proseso sa paglutas ng problema sa ibaba.

Maaari Ba Akong Makakuha ng Tulong sa Paghahain Ng Apela, Reklamo O Makatarungang Pagdinig Ng Estado?

Ang iyong county ay makakatulong na ipaliwanag ang mga prosesong ito sa iyo at dapat tulungan kang maghain ng isang reklamo, isang apela, o upang humiling ng isang State Fair Hearing. Matutulungan ka rin ng county na magpasya kung kwalipikado ka sa tinatawag na "expedited appeal" na proseso, na nangangahulugang mas mabilis itong rerepasuhin dahil ang iyong kalusugan, kalusugang pangkaisipan, at/o katatagan ay nasa panganib. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang iyong provider o tagapagtaguyod.

Kung gusto mo ng tulong, tumawag sa 1-888-246-3333 (TTY: 711). Dapat kang bigyan ng iyong lalawigan ng makatwirang tulong sa pagkumpleto ng mga form at iba pang mga hakbang ng proseso kaugnay sa reklamo o apela. Kasama dito ang, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at libreng numero na may TTY/TDD at may kakayahan ng interpreter.

Kung Kailangan Mo ng Karagdagang Tulong

Makipag ugnayan sa Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman:

- Telepono: # **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (hindi kasama ang mga pista opisyal).

O

- E-mail: MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. **Mangyaring tandaan:** Ang mga mensahe ng e-mail ay hindi itinuturing na kumpidensyal (mangyaring huwag isama ang personal na impormasyon sa mensahe ng e-mail).

Maaari ka ring makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal aid o iba pang mga grupo. Upang magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa Makatarungang Pagdinig ng Estado, maaari kang makipag-ugnayan sa California Department of Social Services Public Inquiry and Response Unit sa numero ng teleponong ito: **1-800-952-5253** (para sa TTY, tawagan **1-800-952-8349**).

Mga Reklamo

Ano ang Reklamo?

Ang reklamo ay anumang pahayag na hindi ka nasisiyahan sa mga natatanggap na serbisyong pangkalusugan sa pag-uugali na hindi sakop ng mga proseso ng apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kabilang dito ang mga alalahanin tungkol sa kalidad ng iyong pangangalaga, kung paano ka tinatrato ng mga kawani at provider, at mga hindi pagkakasundo tungkol sa mga desisyon patungkol sa iyong pangangalaga.

Mga halimbawa ng reklamo:

- Kung sa tingin mo ay naging bastos ang isang provider sa iyo o hindi iginagalang ang iyong mga karapatan.
- Kung ang county ay nangangailangan ng mas maraming oras para gumawa ng desisyon tungkol sa pag-apruba ng isang serbisyo na hiniling ng iyong provider para sa iyo, at hindi ka sumasang-ayon sa ekstensyon na ito.
- Kung hindi ka nasisiyahan sa kalidad ng pangangalaga na iyong tinatanggap o kung paano ipinagbibigay-alam sa iyo ang iyong plano ng paggamot.

Ano ang Proseso ng Reklamo?

Ang proseso ng reklamo ay:

- Binubuo ng mga simpleng hakbang upang maghain ng iyong reklamo nang pasalita o nang nakasulat.
- Hindi dahilan para mawala ang iyong mga karapatan o serbisyo o maging laban sa iyong provider.
- Payagan kang aprubahan ang isa pang tao na kumilos para sa iyo. Maaaring ito ay isang provider o isang tagapagtaguyod. Kung sumasang-ayon ka na magkaroon ng ibang tao na kumilos sa iyong ngalan, maaari kang hilingin na

lagdaan ang isang form ng awtorisasyon, na nagbibigay sa iyong lalawigan ng pahintulot na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.

- Tiyaking ang inaprubahan na taong nagpapasya sa reklamo ay kwalipikado na gumawa ng mga desisyon at hindi naging bahagi ng anumang nakaraang antas ng pagrerepaso o paggawa ng desisyon.
- Alamin ang mga tungkulin ng iyong lalawigan, provider, at ng iyong sarili.
- Tiyaking ang mga resulta ng reklamo ay ibinigay sa loob ng kinakailangang timeline.

Kailan Ako Puwedeng Maghain Ng Reklamo?

Maaari kang maghain ng reklamo anumang oras kung hindi ka masaya sa pangangalaga na natanggap mo o may isa pang alalahanin tungkol sa iyong lalawigan.

Paano Ako Makakapaghain ng Reklamo?

Maaari kang tumawag sa 24/7 toll free Access Line ng iyong lalawigan anumang oras upang makatanggap ng tulong sa isang reklamo. Maaaring maghain ng mga reklamong pasalita o pasulat. Ang mga oral na reklamo ay hindi kailangang sundan ng pagsulat. Kung naghain ka ng iyong reklamo sa pamamagitan ng pagsulat, mangyaring tandaan ang sumusunod: Ang iyong lalawigan ay nagsusuplay ng mga self-addressed envelope sa lahat ng site ng provider. Kung wala kang self-addressed envelope, ipadala sa koreo ang iyong nakasulat na mga reklamo sa address na nasa harap ng handbook na ito.

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng Lalawigan Ang Reklamo Ko?

Inatasan ang iyong county na bigyan ka ng sulat upang ipaalam sa iyo na natanggap nila ang iyong reklamo sa loob ng 5 araw sa kalendaryo mula sa pagkakatanggap. Ang reklamong natanggap sa pamamagitan ng tawag sa telepono o sa personal, na sinang-ayunan mong nalutas sa pagtatapos ng kasunod na araw ng trabaho, ay hindi kasali at maaaring hindi ka makakuha ng sulat.

Kailan Dedesisyonan Ang Aking Reklamo?

Ang isang desisyon tungkol sa iyong reklamo ay dapat gawin ng iyong lalawigan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa nang iyong reklamo ay isinampa.

Paano Ko Malalaman Kung Nagdesisyon na ang Lalawigan Tungkol sa Aking Reklamo?

Kapag ang isang desisyon ay ginawa tungkol sa iyong reklamo, ang lalawigan ay:

- Ipapadala sa iyo o sa iyong inaprubahang tao ang nakasulat na abiso ng desisyon;
- Magpapadala sa iyo o sa iyong naaprubahan na tao ng Notice of Adverse Benefit Determination na nagpapayo sa iyo ng iyong karapatang humiling ng State Fair Hearing kung hindi ipaalam sa iyo ng lalawigan ang desisyon sa reklamo sa oras;
- Papayuhan ka ng iyong karapatang humiling ng State Fair Hearing.

Maaaring hindi ka makakuha ng isang nakasulat na abiso ng desisyon kung ang iyong reklamo ay isinampa sa pamamagitan ng telepono o sa personal at sumasang-ayon ka na ang iyong isyu ay nalutas sa pagtatapos ng susunod na araw ng trabaho mula sa petsa ng pag-file.

Tandaan: Ang iyong lalawigan ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Notice of Adverse Benefit Determination sa petsa ng pagtatapos ng timeframe. Maaari kang tumawag sa lalawigan para sa karagdagang impormasyon kung hindi ka nakatanggap ng Notice of Adverse Benefit Determination.

Mayroon Bang Deadline Sa Paghahain Ng Reklamo?

Walang deadline. Maaaring maghain ng reklamo sa anumang panahon. Huwag mag-atubiling tawagin ang pansin ng county tungkol sa iyong mga isyu. Ang county ay palaging makikipagtulungan sa iyo na humanap ng solusyon para matugunan ang iyong mga alalahanin.

Mga Apela

Maaari kang maghain ng apela kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng lalawigan para sa mga serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali na kasalukuyang natatanggap mo o nais mong matanggap. Maaari kang humiling ng pagsusuri sa desisyon ng lalawigan sa pamamagitan ng paggamit ng:

- Ang Standard Appeal Process.
- Ang Pinabilis na Proseso ng Pag-apela.

Tandaan: Ang dalawang uri ng apela ay magkatulad; gayunpaman, may mga tiyak na kinakailangan upang maging karapat-dapat para sa isang pinabilis na apela (tingnan sa ibaba para sa mga kinakailangan).

Ang lalawigan ay dapat tumulong sa iyo sa pagkumpleto ng mga form at paggawa ng iba pang mga hakbang sa pamamaraan upang maghain ng apela, kabilang ang paghahanda ng isang nakasulat na apela, pagpapaalam sa iyo ng lokasyon ng form sa kanilang website o pagbibigay sa iyo ng form sa iyong kahilingan. Ang lalawigan ay dapat ding payuhan at tulungan ka sa paghingi ng pagpapatuloy ng mga benepisyo sa panahon ng isang apela ng pagtukoy ng adverse benefit alinsunod sa mga pederal na regulasyon.

Ano ang Ginagawa ng Standard Appeal Process?

Ang Standard ng Proseso ng Pag-apela ay:

- Hayaan kang maghain ng apela sa pamamagitan nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.
- Tiyaking hindi magiging dahilan ang pag-apela na mawala ang iyong mga karapatan o serbisyo o mabaling sa iyong provider sa anumang paraan.
- Payagan kang pahintulutan ang ibang tao (kabilang ang isang provider o tagapagtaguyod) na kumilos para sa iyo. Mangyaring tandaan: Kung pinahihintulutan mo ang ibang tao na kumilos para sa iyo, maaaring hilingin sa iyo ng lalawigan na lagdaan ang isang form na nagpapahintulot sa lalawigan na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.

- Patuloy ang iyong mga benepisyo kapag hiniling mo ang apela sa kinakailangang timeframe. Mangyaring tandaan: Ito ay 10 araw mula sa petsa ng iyong Notice of Adverse Benefit Determination ay ipinadala sa koreo o personal na ibinigay sa iyo.
- Tiyaking hindi ka magbabayad para sa patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela at kung ang huling desisyon ng apela ay pabor sa kasalungat na pagpapasiya ng lalawigan sa benepisyo.
- Tiyaking kwalipikado ang mga gumagawa ng desisyon para sa iyong apela at hindi kasangkot sa anumang nakaraang antas ng pagrerepaso o paggawa ng desisyon.
- Payagan kang repasuhin o ng iyong kinatawan ang iyong case file, kabilang na ang mga medical record at iba pang kaugnay na dokumento.
- Hayaan kang magkaroon ng makatwirang pagkakataong maglahad ng ebidensya, patotoo, at argumento nang personal o nakasulat.
- Payagan ka, ang iyong aprubadong tao, o ang legal na kinatawan ng estate ng isang yumaong miyembro na isama bilang mga partido sa apela.
- Bigyan ka nang nakasulat na kumpirmasyon mula sa iyong lalawigan na ang iyong apela ay nirerepaso.
- Ipaalam sa iyo ang iyong karapatang humiling ng State Fair Hearing, kasunod ng pagkumpleto ng proseso ng apela.

Kailan ako maaaring maghain ng apela?

Maaari kang maghain ng apela sa iyong lalawigan kapag:

- Tinutukoy ng lalawigan o ng contracted provider na hindi mo natutugunan ang pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali.
- Inirerekomenda ng iyong healthcare provider ang isang serbisyong pangkalusugan sa pag-uugali para sa iyo at humihingi ng pahintulot mula sa iyong lalawigan, ngunit tinatanggihan ng lalawigan ang kahilingan o binabago ang uri o dalas ng serbisyo.

- Ang iyong provider ay humihingi ng pahintulot mula sa lalawigan, ngunit ang lalawigan ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa oras.
- Ang iyong lalawigan ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo batay sa mga itinakdang timeline nito.
- Pakiramdam mo ay hindi natutugunan ng lalawigan ang iyong mga pangangailangan sa oras.
- Hindi nalutas ang iyong reklamo, apela, o pinabilis na apela sa oras.
- Hindi kayo magkasundo ng inyong provider sa mga kinakailangang serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali.

Paano po ba mag-file ng appeal?

- Maaari kang mag-apela sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na tatlong pamamaraan:
 - Tawagan ang toll-free phone number ng iyong lalawigan sa 1-888-246-3333. Pagkatapos tumawag, kailangan mo ring maghain ng kasunod na nakasulat na apela; o
 - Ipadala sa koreo ang iyong apela (Ang lalawigan ay magbibigay ng mga self-addressed envelope sa lahat ng site ng provider para ipadala mo sa iyong apela). Paalala: Kung wala kang self-addressed envelope, maaari mong ipadala ang iyong apela sa address sa harap ng handbook na ito; o
 - Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Sumangguni sa bahaging "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan na ang Aking Apela?

Ikaw o ang iyong naaprubahan na tao ay makakatanggap ng nakasulat na abiso mula sa iyong lalawigan ng desisyon sa iyong apela. Isasama sa notification ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng pagpasiya ng apela.
- Petsa kung kailan nagpasiya para sa desisyon.

- Kung ang apela ay hindi napagpasiyahan ng buong-buo para sa iyong pabor, ang paunawa ay maglalaman din ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado at ang pamamaraan para sa paghahain ng Makatarungang Pagdinig ng Estado

Mayroon Bang Deadline Para Sa Paghahain Ng Apela?

Dapat maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination). Walang deadline sa paghahain ng apela kapag hindi ka nakakuha ng Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo; maaari mong isampa ang ganitong uri ng apela kahit kailan.

Kailan Pagpapasiyahan Ang Aking Apela?

Dapat magdesisyon ang lalawigan sa iyong apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagktanggap ng ng iyong kahilingan.

Paano Kung Hindi Ako Makahintay Ng 30 Araw Para sa Desisyon Ng Aking Apela?

Kung ang apela ay tumutugon sa mga pamantayan para sa proseso ng pinabilis na apela, maaari itong makumpleto nang mas mabilis..

Ano Ang Pinabilis Na Apela?

Ang pinabilis na apela ay sinusunod ang parehong proseso sa karaniwang apela ngunit mas mabilis. Narito ang karagdagang impormasyon tingkol sa mga pinabilis na apela:

- Kailangan mong ipakita na ang karaniwang pag-apela ay maaaring lalong maging malala ang iyong kondisyon ng kalusugang pag-uugali.
- Sinusunod ng proseso ng pinabilis na apela ang ibang deadline kaysa sa karaniwang apela.
- Ang lalawigan ay mayroong 72 na oras para irepaso ang mga pinabilis na apela.
- Maaaring kang gumawa ng pasalitang hiling para sa pinabilis na apela.
- Hindi mo kailangan na ilagay ang iyong pinabilis na apela sa sulat.

Kailan Ako Puwedeng Maghain Ng Pinabilis Na Apela?

Kung sa tingin mo na ang paghihintay sa 30 na araw para sa desisyon ng karaniwang apela ay magiging mapanganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahan na makamit, mapanatili o mabawi ang pinakamalakas na kakayahan sa pagganap, maaari kang humiling ng pinabilis na pagpasiya ng isang apela.

Karagdagang Impormasyon Tungkol sa mga Pinabilis na Apela:

- Kung ang iyong apela ay natutugunan ang mga kinakaikangan para sa isang pinabilis na pag-apela, ang lalawigan ay pagpapasiyahan ito sa loob ng 72 oras ng pagkatanggap nito.
- Kung napagpasyahan ng lalawigan na ang iyong apela ay hindi tumutugon sa mga pamantayan para sa isang pinabilis na apela, kinakailangan silang magbigay sa iyo ng napapanahong abiso sa salita at magbibigay sa iyo ng nakasulat na abiso sa loob ng dalawang araw ng kalendaryo, na ipinapaliwanag ang dahilan ng kanilang desisyon. Pagkatapos ay susundin ng iyong apela ang mga karaniwang timeframe ng apela na nakabalangkas nang mas maaga sa bahaging ito.
- Kung hindi ka sumang-ayon sa desisyon ng lalawigan na ang apela ay hindi nakamit ang pamantayan para sa pinabilis na apela, maaari kang maghain ng reklamo.
- Matapos malutas ng iyong lalawigan ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na apela, ikaw at lahat ng apektadong partido ay aabisuhan sa parehong pasalita at sa sulat.

Makatarungang Pagdinig Ng Estado

Ano Ang Makatarungang Pagdinig Ng Estado?

Ang Makatarungang Pagdinig ng Estado ay isang independyenteng pagrepaso na isinagawa ng hukom ng batas administratibo mula sa California Department of Social Services (CDSS) para matiyak na iyong natatanggap ang mga serbisyo ng pangkalusugan ng pag-uugali na iyong karapat-dapat matanggap sa ilalim ng programa ng Medi-Cal. Maaari mo din na bisitahin ang website ng California Department of Social

Services sa <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa karagdagang sanggunian.

Ano Ang Aking Mga Karapatan Ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang karapatan na:

- Humiling ng pagdinig sa harap isang hukom ng batas administratibo, kilala rin bilang Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Matuto kung paano humiling nga Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Matuto tungkol sa mga tuntunin na nagdidikta kung paano gumagana ang representasyon sa panahon ng ng Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Humiling na maipagpatuloy ang mga benepisyo sa panahon ng proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung iyong kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado ay nasaloob ng kinakailangang timeframe.
- Hindi magbayad para sa patuloy na mga serbisyo habang nakabinbin ang State Fair Hearing at kung ang huling desisyon ay pabor sa adverse benefit determination ng lalawigan.

Kailan Ako Maaaring Maghain Ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Maaari kang maghain ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ng liham para sa resolusyon ng apela na nagsasabi sa iyo na tinanggihan ng iyong lalawigan ang iyong kahilingan sa pag-apela.
- Hindi nalutas ang iyong reklamo, apela, o pinabilis na apela sa oras.

Paano Ako Makakahiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Maaring humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Online: sa website ng Department of Social Services Appeals Case Management: <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Nakasulat: Isumite ang hiling sa county welfare department sa address na nasa Paunawa Sa Pagpasiya sa Salungat na Benepisyo, o sa pamamagitan ng koreo sa address na ito:

California Department of Social Services State Hearings Division

P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37

Sacramento, CA 94244-2430

- O sa pamamagitan ng fax sa: 916-651-5210 o 916-651-2789

Maaari ka ring humiling ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado o isang pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Sa Pagtawag sa Telepono:
 - *State Hearings Division*, libre, sa **800-743-8525** o **855-795-0634**.
 - *Public Inquiry and Response line*, libre, sa **800-952-5253** o TDD at **800-952-8349**.

Mayroon Bang Deadline Para sa Paghahain Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang 120 araw mula sa petsa ng paunawa ng nakasulat na desisyon ng county sa apela upang humiling ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kung hindi ka nakatanggap ng Notice of Adverse Benefit Determination, maaari kang mag-file para sa isang State Fair Hearing anumang oras.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy Ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Ng Pagpasiya Ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Oo, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga awtorisadong serbisyo at nais mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ka para sa desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kailangan mong humiling ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng postmarked o inihatid sa iyo ang abiso sa desisyon ng apela. Bilang kahalili, maaari mong hilingin ang pagdinig bago ang petsa na sinasabi ng iyong lalawigan na ang mga serbisyo ay titigil o mababawasan.

Tandaan:

- Kapag humihingi ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kailangan mong ipahiwatig na nais mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo sa panahon ng proseso ng State Fair Hearing.

- Kung humiling ka na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo at ang pangwakas na desisyon ng State Fair Hearing ay nagpapatunay sa pagbabawas o pagtigil ng serbisyong iyong natatanggap, hindi ka mananagot sa pagbabayad ng gastos ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Kailan Magpapasiya Ng Desisyon Tungkol Sa Aking Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Pagkatapos humiling nga Makatarungang Pagdinig ng Estado, baka umabot ng 90 na araw para makatanggap ng desisyon.

Maaari Ba Akong Makakuha Ng Mas Mabilis Na Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Kung sa tingin mo ay ang paghintay ng matagal ay makakasama sa iyong kalusugan, maaari kang makakuha ng sagot sa loob ng tatlong araw na may trabaho. Maaari kang humiling para sa Pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng alinman sa iyong mismong pagsulat o hilingin sa iyong general practitioner o propesyonal sa kalusugang pangkaisipan na sumulat para sa iyo. Ang sulat ay dapat naglalaman ng sumusunod na impormasyon:

1. Dapat ipaliwanag nang detalyado sa sulat kung bakit ang paghihintay hanggang 90 araw para sa pagdesisyon sa iyong kaso ay maaaring makasama sa iyong buhay, kalusugan, kakayahan na makamit, mapanatili, pagbawi ng kalakasan.
2. Seguraduhin na humiling ng “pinabilis na pagdinig” at magbigay ng sulat para sa iyong hiling ng isang pagdinig.

Ang State Hearing Division ng Department of Social Services ay irerepaso ang iyong hiling para sa isang pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado at magpapasiya kung ito ay kwalipikado. Kung ang pinabilis na pagdinig ay inaprubahan, gaganapin ng isang pagdinig, at ilalabas ang desisyon sa loob ng tatlong araw na may trabaho mula sa petsa ng pagkatanggap ng iyong hiling ng State Hearing Division.

ADVANCE DIRECTIVE

Ano ang Advance Directive?

Mayroong kang karapatan sa isang advance directive. Ang advance directive ay isang nakasulat na dokumento tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Maaari mong minsan marinig ang isang advance na direktiba na inilarawan bilang isang buhay na habilin o matibay na gawad ng kapangyarihan. Kasama dito ang impormasyon tungkol sa kung paano mo nais na maibibigay ang pangangalagang pangkalusugan o pinahahayag kung anong mga desisyon na gusto mong maisagawa, kung o kapag hindi ka na makapagsalita para sa iyong sarili. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tanggapin o tanggihan ang medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang mga pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, may dalawang bahagi ang advance directive:

- Ang pagtatalaga mo ng isang ahente (isang tao) na gagawa ng desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang indibiduwal na mga instruksyon mo sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang iyong lalawigan ay kinakailangang magkaroon ng isang advance directive program na nasa lugar. Ang iyong lalawigan ay kinakailangang magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakarán sa advance directive at ipaliwanag ang batas ng estado kung hihilingin ang impormasyon. Kung nais mong hilingin ang impormasyon, dapat kang tumawag sa lalawigan sa 1-888-246-3333 (TTY:711) para sa karagdagang impormasyon.

Maaari kang makakuha ng form ng advance directive mula sa iyong county o sa online dito: <https://prepareforyourcare.org/en/advance-directive-state/ca>. Sa California, mayroon kang karapatan na magbigay ng mga instruksyon ng advance directive sa lahat ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Mayroon ka ring karapatan na palitan o kanselahin ang iyong advance directive anumang oras. Kung may tanong ka tungkol sa batas ng California na may kinalaman sa mga pangangailangan ng advance directive, maaaring magpadala ng sulat sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit,
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

MGA KARAPATAN AT MGA RESPONSABILIDAD

Mga Responsibilidad ng Lalawigan

Ano ang Responsibilidad ng Aking Lalawigan?

Ang iyong lalawigan ay responsable para sa mga sumusunod:

- Pag-iisip kung natutugunan mo ang mga pamantayan upang ma-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa lalawigan o network ng provider nito.
- Pagbibigay ng screening o isang pagtatasa upang matukoy kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Pagbibigay ng walang bayad na numero ng telepono na sinasagot 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, na maaaring sabihin sa iyo kung paano makakuha ng mga serbisyo mula sa lalawigan. Ang numero ng telepono ay 1-888-246-3333 (TTY:711).
- Tiyaking may sapat na mga provider ng kalusugan ng pag-uugali sa malapit upang ma-access mo ang mga serbisyong sakop ng iyong lalawigan kapag kinakailangan.
- Pagpapaalam at pagtuturo sa iyo tungkol sa mga serbisyong makukuha mula sa iyong lalawigan.
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong wika nang walang bayad sa iyo, at kung kinakailangan, pagbibigay ng interpreter para sa iyo nang libre.
- Pagbibigay sa iyo nang nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang magagamit mo sa ibang wika o alternatibong anyo tulad ng Braille o large-size print. Sumangguni sa bahaging "Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong Lalawigan" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Pagpapaalam sa iyo tungkol sa anumang makabuluhang pagbabago sa impormasyong binanggit sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago magkaroon ng bisa ang mga pagbabago. Ang isang pagbabago ay itinuturing na makabuluhan kapag may pagtaas o pagbaba sa dami o mga uri ng serbisyo na inaalok, kung may pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga network provider, o

kung mayroong anumang iba pang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyo na natatanggap mo mula sa lalawigan.

- Tiyaking ikonekta ang iyong healthcare sa anumang iba pang mga plano o sistema na maaaring kailanganin upang makatulong sa paglipat ng iyong pangangalaga nang maayos. Kabilang dito ang pagtiyak na ang anumang mga referral para sa mga espesyalista o iba pang mga provider ay maayos na sinusundan at ang bagong provider ay handang alagaan ka.
- Tinitiyak na maaari mong panatilihin ang pagtingin sa iyong kasalukuyang healthcare provider, kahit na wala sila sa iyong network, para sa isang tiyak na tagal ng panahon. Mahalaga ito kung ang paglipat ng mga provider ay makapinsala sa iyong kalusugan o itaas ang pagkakataon na kailanganin na pumunta sa ospital.

Mayroon bang Magagamit na Transportasyon?

Kung nahihirapan kang magpunta sa mga appointment mo para sa kalusugan ng pag-uugali, puwede kang matulungan ng programa ng Medi-Cal para makakuha ng sasakyan para sa iyo. Maaaring ilaan ang transportasyon sa mga miyembro ng Medi-Cal na walang sariling sasakyan at may pangangailangang medikal para makatanggap ng mga serbisyong sakop ng Medi-Cal. May dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment.

- Ang di-medikal (Non-Medical Transportation, NMT): transportasyon sa pamamagitan ng pribado o pampublikong sasakyan para sa mga tao na walang ibang paraan para makapunta sa kanilang appointment.
- Ang di-emergency (Non-Emergency Medical Transportation, NMET): transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga taong hindi kayang gumamit ng pampubliko o pribadong sasakyan.

Ang transportasyon ay available para sa mga biyahe papunta sa botika o biyahe para kumuha ng mga kinakailangang medical supply, prosthetics, orthotics, at iba pang equipment. Para sa higit pang impormasyon at tulong kaugnay ng transportasyon, kontakin ang iyong managed care plan. Ang mga miyembro ay maaaring kailangang

patunayan sa kanilang managed care plan na lahat ng iba pang kasalukuyang available na makukunan ng transportasyon ay naubos na.

- Para sa mga miyembro ng Anthem BlueCross, tumawag sa mga transportation reservation sa 877-931-4755. o bumisita sa:
 - <https://mss.anthem.com/california-medicaid/benefits/medi-cal-plan-benefits/transportation.html>
- Para sa mga miyembro ng San Francisco Health Plan, tumawag sa SFHP Customer Service sa 415-547-7800, 1(800) 288-5555 (toll-free), o 1(888) 883-7347 (TTY), o bumisita sa <https://www.sfhp.org/programs/medi-cal/benefits/transportation-services/>
- Para sa mga miyembro ng Kaiser, tawagan ang 1-833-226-6760 o bumisita sa <https://homecare-scal.kaiserpermanente.org/transportation-services/>

Kung mayroon kang Medi-Cal pero hindi ka naka-enroll sa isang managed care plan (plano ng pinamamahalaang pangangalaga), at kailangan mo ng di-medikal na transportasyon para sa serbisyong nauugnay sa kalusugan, maaari mong kontakin nang direkta ang provider ng di-medikal na transportasyon o ang iyong provider sa 1-888-246-3333 (TTY: 711) para sa tulong. Kapag kinontak mo ang kumpanya ng sasakyan, hihingin nila ang impormasyon tungkol sa petsa at oras ng appointment mo.

Kung kailangan mo ng di-emergency na medikal na transportasyon (NEMT), maaaring magtakda ang iyong provider ng di-emergency na medikal na transportasyon (NEMT) at iugnay ka sa isang provider ng transportasyon para maisaayos ang iyong sasakyan papunta at pauwi mula sa iyong (mga) appointment. Sumangguni sa iyong managed care plan para sa higit pang detalye kung paano humiling ng mga serbisyo ng NEMT.

Para sa karagdagang impormasyon at tulong tungkol sa transportasyon, kontakin ang iyong pinamamahalaang plano sa pangangalaga.

Mga Karapatan ng Miyembro

Ano ang mga Karapatan Ko bilang Tagatanggap ng mga Serbisyo sa Behavioral na Kalusugan?

Bilang isang miyembro ng Medi-Cal, mayroon kang karapatan na makatanggap ng mga medikal na kinakailangang mga serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali mula sa iyong county. Kapag kumukuha ng mga serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali, may karapatan kang:

- Tratuhan nang may personal na paggalang at paggalang sa iyong dignidad at pagkapribado.
- Kumuha ng malinaw at madaling maunawaan na mga paliwanag tungkol sa mga magagamit na opsyon sa paggamot.
- Makibahagi sa mga desisyong may kaugnayan sa iyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali. Kabilang dito ang karapatang tanggiin ang anumang paggamot na hindi mo nais na matanggap.
- Kunin ang handbook na ito para malaman ang tungkol sa mga serbisyo ng lalawigan, mga obligasyon ng lalawigan, at iyong mga karapatan.
- Humingi ng kopya ng iyong mga medical record at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging malaya sa anumang uri ng pagpipigil o paghihiwalay na ipinapataw bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaghinhawahan, o paghihiganti.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga 24/7 para sa emergency, kagyat, o krisis kapag kinakailangan sa medisina.
- Kapag hiniling, tumanggap ng mga nakasulat na materyal sa mga alternatibong format tulad ng Braille, large-size print, at audio format sa napapanahong paraan.
- Tumanggap ng mga serbisyong pangkalusugan sa pag-uugali mula sa lalawigan na sumusunod sa kontrata ng estado nito para sa availability, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Ang lalawigan ay inaatasan na:
 - Magkaroon ng mga nakasulat na kontrata sa mga provider na sapat para matiyak na lahat ng karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na

kwalipikado para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay makakatanggap nito sa paraang napapanahon.

- Sakupin ang mga kinakailangang medikal na serbisyo na nasa labas ng network para sa iyo sa paraang napapanahon, kung ang county ay walang empleyado o kinontratang provider na makakapaghatid ng mga serbisyo.

Tandaan: Dapat tiyakin ng lalawigan na hindi ka magbabayad ng anumang dagdag para sa pagtingin sa isang out-of-network provider.

Tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon:

- *Mga serbisyong medikal na kinakailangan sa kalusugan* ng pag-uugali para sa mga indibiduwal na 21 taong gulang o pataas ay mga serbisyo na makatwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang buhay, upang maiwasan ang makabuluhang karamdaman o makabuluhang kapansanan, o upang maibsan ang matinding sakit. Medikal na kinakailangang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga indibiduwal na wala pang 21 taong gulang ay mga serbisyo na nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o gumagawa ng mas matitiis na isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- *Ang out-of-network provider* ay isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng lalawigan.
- Sa iyong kahilingan, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob o labas ng network nang walang dagdag na bayad.
- Tiyaking ang mga provider ay sinanay upang maihatid ang mga serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali na sumang-ayon ang mga provider na sakupin.
- Tiyakin na ang mga sakop na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng lalawigan ay sapat sa halaga, haba ng oras, at saklaw upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro na karapat-dapat sa Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang pamamaraan ng lalawigan para sa

pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay batay sa pangangailangang medikal at ang mga pamantayan sa pag-access ay patas na ginagamit.

- Tiyakin na ang mga provider nito ay nagsasagawa ng masusing pagtatasa at makipagtulungan sa iyo upang magtatag ng mga layunin sa paggamot.
- Magsagawa ng koordinasyon ng mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng isang pinamamahalaang plano sa pangangalaga o sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan.
- Makilahok sa pagsisikap ng estado na magbigay ng mga serbisyong may kakayahang pangkultura sa lahat, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa Ingles at iba't ibang kultura at etnikong pinagmulan.
- Ipahayag ang iyong mga karapatan nang walang mapanganib na pagbabago sa iyong paggamot.
- Tumanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa iyong mga karapatang inilarawan sa handbook na ito at sa lahat ng naaangkop na batas ng pederal at estado tulad ng:
 - Title VI ng Civil Rights Act of 1964 ayon sa ipinatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR part 80.
 - Ang Age Discrimination Act of 1975 ayon sa ipinatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR part 91.
 - Ang Batas sa Rehabilitasyon ng 1973.
 - Pamagat IX ng mga Susog sa Edukasyon ng 1972 (hinggil sa mga programa at aktibidad sa edukasyon).
 - Mga Titulo II at III ng Batas ng mga Amerikanong may Kapansanan.
 - Seksyon 1557 ng Batas sa Proteksyon at Abot-kayang Pangangalaga ng Pasyente.
- Maaari kang magkaroon ng karagdagang mga karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali. Para makipag-ugnayan sa Patients' Rights Advocate ng inyong lalawigan, mangyaring tumawag sa (800) 729-7727 o (415) 552-8100.

Pagpapasya Sa Salungat Na Benepisyo

Ano ang mga Karapatan Ko Kung Tinanggihan ng County ang mga Serbisyo na Gusto Ko o Sa Tingin Ko ay Kailangan Ko?

Kung ang iyong county ay tinanggihan, nilimitahan, binawasan, ipinagpaliban, o winakasan ang mga serbisyong sa tingin mo ay iyong kailangan, may karapatan kang makatanggap ng nakasulat na paunawa mula sa county. Ang paunawang ito ay tinatawag na “Paunawa sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo.” May karapatan ka ring tumutol sa pasya sa pamamagitan ng paghahain ng apela. Ang mga seksyon sa ibaba ay ipinapaalam sa iyo ang Notice of Adverse Benefit Determination at kung ano ang gagawin kung tutol ka sa pasya ng county.

Ano ang Pagpapasya sa Salungat na Benepisyo?

Ang Pagpapasya sa Salungat na Benepisyo o Adverse Benefit Determination ay nangangahulugan ng alinman sa mga sumusunod na aksyon na isinagawa ng county:

- Ang pagtanggig o limitadong awtorisasyon ng hiniling na serbisyo. Kasama dito ang mga pagpapasya base sa uri o antas ng serbisyo, pangangailangang medikal, pagiging angkop, kapaligiran, o bisa ng isang benepisyong sakop;
- Ang pagbabawas, suspensyon, o pagwawakas ng dating pinahintulutang serbisyo;
- Ang pagtanggig, sa kabuuan o sa bahagi, ng bayad para sa serbisyo;
- Ang hindi napapanahong pagbibigay ng mga serbisyo;
- Ang hindi pag-aksyon sa loob ng kinakailangang saklaw ng panahon para sa karaniwang paglutas ng mga reklamo at apela. Ang mga kinakailangang panahon ay ang mga sumusunod:
 - Kung naghain ka ng reklamo sa county at wala kang natanggap mula sa county nang nakasulat na pasya sa iyong reklamo sa loob ng 30 araw.
 - Kapag naghain ka ng apela sa county at wala kang natanggap mula sa county nang nakasulat na pasya sa iyong apela sa loob ng 30 araw.
 - Kung naghain ka ng pinabilis na apela, at wala kang natanggap na tugon sa loob ng 72 oras.
- Ang pagtanggig sa hiling ng miyembro na tutulan ang pinansiyal na

pananagutan.

Ano Ang Paunawa Sa Pagpapasya sa Salungat na Benepisyo?

Ang Paunawa Sa Pagpapasya sa Salungat Na Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng iyong county kung magpasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, iantala, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyong provider na dapat mong matanggap. Ang paunawa ay magpapaliwanag ang prosesong ginamit ng county sa paggawa ng desisyon at kasama ang paglalarawan ng mga pamantayan o panuntunan na ginamit upang matukoy kung medikal na kinakailangan ang serbisyo.

Kasama dito ang pagtanggi ng:

- Bayad para sa serbisyo,
- Pagtanggi batay sa pag-aangkin na hindi saklaw ang mga serbisyo,
- Pagtanggi batay sa pag-aangkin na hindi medikal na kailangan ang mga serbisyo,
- Pagtanggi na ang serbisyo ay para sa maling sistema ng paghahatid,
- Pagtanggi sa kahilingan na tutulan ang pananagutan sa pananalapi.

Tandaan: Ginagamit din ang Paunawa ng Pagpapasya sa Salungat na Benepisyo para ipaalam sa iyo na hindi nalutas sa tamang panahon ang iyong reklamo, apela, o pinabilis na apela, o kung hindi mo natanggap ang mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng timeline ng county para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

Panahon ng Paunawa

Dapat ipadala ng county sa koreo ang paunawa:

- Sa miyembro sa loob ng di-bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa pagwawakas, suspensyon, o pagbabawas ng dating pinahintulutang na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Sa miyembro sa loob ng dalawang araw na may trabaho ng desisyon ng pagtanggi sa pagbabayad o mga desisyon na nagresulta sa pagtanggi, pag-antala, o pagbabago sa lahat o bahagi ng hiniling na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Palagi Ba Akong Makakatanggap ng Paunawa ng Pagpapasya sa Salungat na Benepisyo Kapag Hindi Ko Nakuha ang mga Serbisyong Gusto Ko?

Oo, dapat kang makatanggap ng Notice of Adverse Benefit Determination. Kung hindi ka nakatanggap ng abiso, maaari kang maghain ng apela sa county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng isang State Fair Hearing. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipahiwatig na nakaranas ka ng isang salungat na pagpapasiya ng benepisyo ngunit hindi nakatanggap ng abiso. Ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng State Fair Hearing ay kasama sa handbook na ito at dapat ding available sa opisina ng iyong provider.

Ano Ang Ipapaalam sa Akin ng Paunawa Sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo?

Ipapaalam sa iyo ng Paunawa sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo:

- Kung ano ang ginawa ng iyong county na nakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahan na na makakuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa kung kailan magsisimulang magkaroon ng bisa ang desisyon at ang dahilan para sa desisyon.
- Kung ang dahilan ng pagtanggig ay ang hindi medikal na kinakailangan ang serbisyo, isasama sa paunawa ang malinaw na paliwanag kung bakit ginawa ng county ang desisyong ito. Kabilang sa paliwanag na ito ang partikular na klinikal na mga dahilan kung bakit hindi itinuturing na medikal na kinakailangan para sa iyo ang serbisyo.
- Mga tuntuning pang-estado o pederal kung saan binase ang desisyon.
- Ang iyong mga karapatan para mag-apela kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county.
- Kung paano makakatanggap ng mga kopya ng dokumento, rekord at iba pang mga impormasyon kaugnay sa desisyon ng county.
- Kung paano maghahain ng apela sa county.
- Paano humiling ng State Fair Hearing kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng lalawigan sa iyong apela.

- Kung paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Kung paano humingi ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Kung gaano katagal bago maghain ng apela o hiling para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong karapatan na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo habang hinihintay ang desisyon sa apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung sasaklawin ba ng Medi-Cal ang mga gastos sa mga serbisyong ito.
- Kung kailan ka maghahain ng apela o hihiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Paunawa ng Pagpasiya sa Salungat Na Benepisyo?

Kapag nakatanggap ka ng Paunawa ng Pagpasiya sa Salungat na Benepisyo, dapat mong basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa paunawa. Kung hindi mo maintindihan ang paunawa, maaari kang tulungan ng iyong county. Maaari ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaaring mong hilingin ang pagpapatuloy ng serbisyo na inihinto nang maghain ka ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalapas sa 10 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pagtanggap ng Paunawa ng Pagpapasya sa Salungat na Benepisyo na nasa post-marked o personal na ibinigay sa iyo, o bago ang epektibong petsa ng simula ng pagbabago.

Maaari Ko Bang Patuloy na Makuha ang Aking mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako ng Desisyon sa Apela?

Oo, maaari mong patuloy na makuha ang iyong mga serbisyo habang naghihintay ka ng desisyon. Nangangahulugan ito na maaari kang patuloy na magpatingin sa iyong provider at makuha ang pangangailangang kailangan mo.

Ano ang Kailangan Kong Gawin Para Patuloy na Makuha ang mga Serbisyon para sa Akin?

Dapat mong matugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Hinihiling mong patuloy na makuha ang serbisyo sa loob ng 10 araw ng kalendaryo ng pagpapadala ng county ng Notice of Adverse Benefit Determination o bago ang petsa na sinabi ng county na hihinto ang serbisyo, alinmang petsa ang mas huli.
- Naghain ka ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng Notice of Adverse Benefit Determination.
- Ang apela ay tungkol sa pagpapahinto, pagbabawas, o pagsususpende ng isang serbisyon natatanggap mo na.
- Sumang-ayon ang iyong provider na kailangan mo ang serbisyo.
- Ang yugto ng panahon na naaprubahan nang county para sa serbisyo ay hindi pa nagtatapos.

Paano Kung Magpasya ang County na Hindi Ko na Kailangan ang Serbisyo Pagkatapos ng Apela?

Hindi mo kakailanganing bayaran ang mga serbisyon natanggap mo habang nakabinbin ang apela.

Mga Responsibilidad ng Miyembro

Ano ang aking mga responsibilidad bilang isang miyembro ng Medi-Cal?

Mahalaga na maunawaan kung paano gumagana ang mga serbisyo ng county upang makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Mahalaga rin na:

- Pumunta sa iyong paggamot ayon sa iskedyul. Makakakuha ng pinakamabuting resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider para makabuo ng mga layunin para sa iyong paggamot at sundin ang mga layuning iyon. Kung hindi ka makakapunta sa appointment, tawagan ang iyong provider nang di-bababa sa 24 na oras bago ang isedyul at magpa-iskedyul muli sa ibang araw at oras.
- Palaging dalhin ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at photo ID kapag magpapagamot.
- Ipaalam sa provider mo na kailangan mo ng interpreter bago ang appointment.
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Kung mas kumpletong impormasyon ang maibabahagi mo tungkol sa mga pangangailangan mo, magiging mas matagumpay ang paggamot.
- Tiyaking itanong sa provider mo ang anumang tanong na mayroon ka. Napakahalaga na lubos mong maunawaan ang anumang impormasyong natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Sundin ang mga planong hakbang sa pagkilos na pinagkasunduan ninyo ng iyong provider.
- Kontakin ang county kung may mga katanungan ka tungkol sa iyong mga serbisyo o kung may mga problema sa iyong provider na hindi mo malutas.
- Sabihin sa provider mo at sa county kung may mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kasama dito ang tirahan, telepono at anumang iba pang medikal na impormasyon na maaaring makaapekto sa iyong kakayahan na sumali sa paggamot.
- Tratuhan ang mga tauhan na nagbibigay ng paggamot nang may respeto at paggalang.
- Kung naghihinala ka ng panloloko o kamalian, ireport ito:
 - o Ang San Francisco Department of Public Health ay may Privacy and Compliance Hotline para ireport ang pandaraya sa telepono, 24 oras sa

isang araw, 365 araw sa isang taon, sa **855-729-6040**.

- Puwede ring ireport ang mga alalahanin sa pamamagitan ng pag-email sa compliance.privacy@sfdph.org.
- Hinihiling ng Department of Health Care Services sa sinumang naghihinala ng panloloko sa Medi-Cal, pag-aaksaya, o pang-aabuso na tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay emergency ito, tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at mananatiling hindi nakikilala ang tumawag.
- Maaari ring ireport ang hinihinalang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng pag-email sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang form na nasa online sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>.

Kailangan Ko bang Magbayad para sa Medi-Cal?

Karamihan sa mga tao sa Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad ng anumang bagay para sa mga serbisyong pangkalusugan sa medikal o pag-uugali. Sa ilang kaso ay maaaring kailangan mong magbayad para sa mga serbisyong medikal at/o sa kalusugan ng pag-uugali batay sa halaga ng pera na nakukuha mo o kita bawat buwan.

- Kung mas mababa ang kita mo kaysa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng pamilya mo, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung mas mataas ang kita mo kaysa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng pamilya mo, kakailanganin mong magbayad ng kaunti para sa mga serbisyong medikal o para sa kalusugan ng pag-uugali. Ang halagang babayaran mo ay tinatawag na 'share of cost.' Kapag nabayaran mo na ang 'share of cost' mo, babayaran ng Medi-Cal ang nalalabing bayarin sa paggamot para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kang gastos, wala kang kailangang bayaran.
- Maaaring kailangan mong magbayad ng 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Ibig sabihin, magbababayad ka mula sa iyong sariling bulsa sa tuwing tumatanggap ka ng serbisyong medikal o pumunta sa emergency room ng ospital para sa mga regular na serbisyo.

- Sasabihin ng provider mo kung kailangan mong magbigay ng co-payment.

KARAGDAGANG IMPORMASYON NG COUNTY

Nasa ibaba ang pagkakaroon at timeline ng mga serbisyo ng San Francisco Behavioral Health Services' (BHS). Sumangguni sa bahaging Scope of Services para sa mga paglalarawan ng bawat serbisyo.

- Ang **Clubhouse Services** ay iniaalok sa limitadong lawak sa pamamagitan ng Westside Community Services. Available ang mga ito sa parehong mga tumatanggap ng mga serbisyo ng SMHS o DMC-ODS.
- Ang **Enhanced Community Health Worker (CHW) Services** ay kasalukuyang hindi inaalok ng SF BHS.
- Ang **Supported Employment** ay nakaplano sa Tag-init ng 2026.

Specialty Mental Health Services:

- Ang **Assertive Community Treatment (ACT)** at ang **Forensic Assertive Community Treatment (FACT)** ay nakaplano para sa Tag-init ng 2026.
- Ang **In-Reach Services** ay kasalukuyang hindi iniaalok ng SF BHS.

Drug Medi-Cal Organized Delivery System:

- Ang **Partial Hospitalization** ay hindi iniaalok sa San Francisco BHS' Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Ang **Residential Treatment Program** ay mayroon lamang sa ASAM level 3.1, 3.3 at 3.5. Kabilang sa loob ng sakop nito ang **Inpatient Treatment Services**.
- Ang **Traditional Health Care Practices** ay iniaalok sa pamamagitan ng Native American Health Center at Friendship House.
- Ang **Substance Use Services for Youth** ay iniaalok sa pamamagitan ng Homeless Children's Network at Latino Commission Little Hawk.

Mga Karapatan sa Telehealth

Dapat malaman at maunawaan ng mga miyembro ng Medi-Cal ang kanilang mga karapatan kapag nagpasyang tumanggap ng mga serbisyo ng telehealth:

- May karapatan kang ma-access ang mga saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan nang harap-harapan at personal na pagbisita sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, sa halip na sa pamamagitan ng telehealth.
- Ang pagkonekta sa iyong provider sa pamamagitan ng telehealth na pagbisita ay nasa iyo. Kung ayaw mong gumamit ng telehealth, hindi magbabago ang iyong kakayahang mag-access nang personal na sakop na mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung maubos mo na ang lahat ng makatwirang paraan ng transportasyon na magagamit mo at nahihirapan kang dumalo nang personal sa isang appointment sa pangangalagang pangkalusugan dahil sa transportasyon, maaaring mayroon kang makukuhang mga serbisyo sa transportasyon. Sumangguni sa pahina 54 kung paano ayusin ang transportasyon sa plano ng iyong pinamamahalaang pangangalaga.
- Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo ng telehealth, ngunit hindi lahat ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ay nag-aalok ng serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.
- Sumangguni sa seksyon ng **Available Services by Telephone or Telehealth** sa handbook na ito.
- Para sa ilang uri ng paggamot o serbisyo, maaaring may mga limitasyon sa pagtanggap ng pangangalaga sa pamamagitan ng telehealth kumpara sa isang personal na pagpapatingin. Ipapaliwanag ng iyong provider sa pangangalagang pangkalusugan ang mga posibleng limitasyong ito sa iyo. Sa anumang oras, kung mayroon kang tanong o alalahanin tungkol sa paggamit ng telehealth, mangyaring makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.
- Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:
<https://www.dhcs.ca.gov/provgovpart/Documents/IN-TelehealthDec.pdf>

PAUNAWA UKOL SA KAWALAN NG DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng San Francisco Behavioral Health Services ang Pang-estado at Pederal na mga batas sa karapatang sibil. Ang San Francisco Behavioral Health Services ay hindi nagsasagawa ng labag sa batas na diskriminasyon, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang naiiba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang angkan, bansang pinanggalingan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon.

Ang San Francisco Behavioral Health Services ay nagbibigay ng:

- Libreng mga tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan silang makipag-ugnayan nang mas mahusay, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong sign language interpreter,
 - Nakasulat na impormasyon sa ibang format (malalaking titik, braille, audio o mga elektronikong format).
- Libreng mga serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter,
 - Impormasyong nakasulat sa ibang wika.

Kung kailangan mo ang mga serbisyonang ito, kontakin ang Behavioral Health Access Center, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-246-3333. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711. Kapag hiniling, puwedeng makuha ang dokumentong ito sa braille, malalaking titik, o sa elektronikong format na madaling ma-access.

KUNG PAANO MAGHAIN NG REKLAMO

Kung naniniwala kang ang San Francisco Behavioral Health Services ay nabigong ibigay ang mga serbisyo o labag sa batas na nadiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang angkan, bansang pinanggalingan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na

kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon, puwede kayong maghain ng reklamo sa San Francisco Behavioral Health Services. Puwede kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, sa pagsulat, sa personal, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono: Kontakin ang Behavioral Health Access Center, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-246-3333. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa **711 (California State Relay)**.
- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:

San Francisco Behavioral Health Services

Grievance/Appeal Office

1380ard Street, 2nd Floor

San Francisco, CA 94103

- Makukuha ang mga form ng reklamo sa: <https://www.sf.gov/resource--2024--grievance-and-appeal-documents-members-behavioral-health-services-bhs>
- Sa personal: Pumunta sa tanggapan ng iyong provider o sa Behavioral Health Access Center at sabihin na gusto mong maghain ng reklamo.
- Elektronikong paraan: Mag-email sa BHS.GrievanceAppeal@sfdph.org

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – California Department of Health Care Services

Maaari ka ring maghain ng reklamo ukol sa karapatang sibil sa California Department of Health Care Services, Office of Civil Rights sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, sa pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka nakapagsasalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **711 (California State Relay)**.

- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

Department of Health Care Services

Office of Civil Rights

P.O. Box 997413, MS 0009

Sacramento, CA 95899-7413

- Makukuha ang mga form ng reklamo sa:
<https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures>
- Elektronikong paraan: Mag-email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Kung naniniwala kang nakaranas ka ng diskriminasyon base sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, edad, kapansanan, o kasarian, puwede ka ring maghain ng reklamo ukol sa karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, sa pagsulat o sa elektronikong paraan.

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakapagsasalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa::

U.S. Department of Health and Human Services

200 Independence Avenue, SW

Room 509F, HHH Building

Washington, D.C. 20201

- Makukuha ang mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.
- Elektronikong paraan: Pumunta sa Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>

ABISO PARA SA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO

Ang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng county para mapanatiling kompidensiyal ang mga medikal na rekord at magagamit at ibibigay sa iyo kapag hiniling.

Kung ikaw ay nasa tamang edad at may kakayahang magbigay ng pahintulot para sa serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali, hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa ibang miyembro upang makatanggap ng serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali o magsumite ng claim para sa serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali.

Maaari mong hilingin sa iyong county na ipadala ang mga komunikasyon tungkol sa serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali sa ibang address, email, o numero ng telepono na iyong pipiliin. Ito ay tinatawag na “kahilingan para sa kompidensiyal na pakikipag-ugnayan.” Kung pahihintulutan mo ang pangangalaga, hindi ibibigay ng county ang impormasyon tungkol sa iyong serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali sa iba nang wala kang nakasulat na pahintulot. Kung hindi ka magbibigay ng address, email, o numero ng telepono, ipapadala ng county ang mga komunikasyon sa iyong pangalan sa address o numero ng telepono na nakatala sa kanilang rekord.

Igagalang ng county ang iyong mga kahilingan na makatanggap ng kompidensiyal na komunikasyon sa anyo at paraan na iyong hiniling. O sisiguraduhin nilang madaling ilagay ang iyong komunikasyon sa anyo at paraan na iyong hiniling. Ipapadala ng county ang mga ito sa ibang lokasyon na iyong

pipiliin. Ang iyong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon ay mananatili hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon.

Upang humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon, dapat ipadala ng miyembro ang kanilang kahilingan nang nakasulat sa site kung saan sila tumatanggap ng pangangalaga. Ang mga miyembro ay hindi kinakailangang magbigay ng dahilan para sa kanilang kahilingan. Ang lahat ng makatwirang kahilingan ay maaaprubahan, Dapat nakasaad sa kahilingan kung paano at saan nais ng miyembro na makontak. Para sa karagdagang impormasyon kung paano humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon, tingnan ang San Francisco Department of Public Health Privacy Policies Page: <https://www.sf.gov/resource--2023--dph-privacy-policies>

Ang pahayag ng mga patakaran at pamamaraan ng county para sa pagprotekta ng iyong medikal na impormasyon (tinatawag na “Abiso para sa Kasanayan ng Pagkapribado [Notice of Privacy Practices]”) kasama sa ibaba:

https://media.api.sf.gov/documents/5795001_DPH_Notice_of_Privacy_Practices_Full_ENG_4.01.24.pdf

MGA SALITANG DAPAT MALAMAN

988 Linya ng Tulong sa Pagpapakamatay at Krisis: Numero ng telepono na nagbibigay ng libre at kumpidensiyal na suporta para sa mga taong nakararanas ng krisis sa kalusugang pangkaisipan, kabilang ang mga pag-iisip na magpapakamatay. Bukas ito 24/7 upang ikonekta ang tumatawag sa mga bihasang tagapayo na maaaring magbigay ng tulong at suporta.

Hukom ng batas administratibo: Ang hukom na nakikinig at nagdedesisyon sa mga kaso na may kinalaman sa pagpapasiya ng kasalungat na benepisyo.

Amerikanong Samahan ng Medisina ng Pagkaadikto (American Society of Addiction Medicine, ASAM): Isang propesyonal na samahan ng mga doktor at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na dalubhasa sa paggamot ng pagkakalulong. Ang organisasyong ito ang lumikha ng Pamantayan ng ASAM, na siyang pambansang pamantayan para sa paggamot sa pagkakalulong.

Resolusyon sa apela: Ang proseso ng paglutas sa iyong hindi pagsang-ayon sa desisyon ng county tungkol sa saklaw ng hiniling na serbisyo. Sa madaling salita: Ito ang paraan para muling suriin ang isang desisyon na hindi mo sinasang-ayunan.

Mga Interface para sa Pagpapatakbo ng Aplikasyon (Application Programming Interfaces, APIs): Ang mga API ay parang mensahero na nagpapahintulot sa iba't ibang software na “mag-usap” at magbahagi ng impormasyon sa isa’t isa.

Pagtatasa: Isang aktibidad ng serbisyo na idinisenyo upang suriin ang kasalukuyang katayuan ng kalusugan ng isip, emosyon, o pag-uugali.

Awtorisasyon: Pagbibigay ng pahintulot o pag-apruba.

Awtorisadong kinatawan: Isang taong may legal na pahintulot na kumilos sa ngalan ng isa pang tao.

Kalusugan ng Pag-uugali: Tumutukoy sa ating emosyonal, sikolohikal, at panlipunang kabutihan. Sa madaling salita: Ito ay tungkol sa kung paano tayo mag-isip, makaramdam, at makipag-ugnayan sa iba.

Mga benepisyo: Mga serbisyo at gamot sa pangangalagang pangkalusugan na sakop sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

Kard ng Pagkakakilanlan para sa Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC): Isang ID card para sa pagpapatunay ng iyong insurance sa kalusugan ng Medi-Cal.

Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga (Koordinasyon ng Pangangalaga): Tumutulong sa mga tao na maunawaan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Tagapag-alaga: Isang taong nagbibigay ng pangangalaga at suporta sa ibang taong nangangailangan ng tulong.

Tagapamahala ng kaso: Mga rehistradong nars o social worker na tumutulong sa miyembro na maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at mag-ayos ng pangangalaga kasama ang mga miyembro ng tagabigay ng serbisyo.

Pamamahala sa kaso Ito ay isang serbisyo na tumutulong sa mga miyembro na makakuha ng kinakailangang medikal, pang-edukasyon, panlipunan, rehabilitasyon, o iba pang serbisyong pangkomunidad. Sa ibang salita, tumutulong ito sa mga tao na makuha ang pangangalaga at suportang kailangan nila.

Programa ng Insurance para sa Kalusugan ng mga Bata (Children's Health Insurance Program, CHIP): Isang programa ng pamahalaan na tumutulong sa mga pamilya na makakuha ng insurance sa kalusugan para sa kanilang mga anak kung hindi nila ito kayang bayaran.

Tagapag-ugnay ng mga Karapatang Sibil: Tinitiyak na ang isang organisasyon (gaya ng paaralan, kompanya, o ahensya ng pamahalaan) ay sumusunod sa mga batas na nagpoprotekta sa mga tao laban sa diskriminasyon.

Naka-sentro sa kliyente: Isang bagay na nakatuon sa mga pangangailangan at kagustuhan ng kliyente.

Mga organisasyon sa komunidad: Mga grupo ng tao na nagtutulungan upang pagbutihin ang kanilang komunidad.

Mga Serbisyo para sa adult sa komunidad (Community-based adult services, CBAS): Outpatient, serbisyong isinasagawa sa pasilidad para sa bihasang pangangalaga ng nars, serbisyong panlipunan, terapi, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta para sa pamilya at tagapag-alaga, serbisyong pangnutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

Pagpapatatag ng komunidad: Tumutulong sa mga taong nakararanas ng krisis sa kalusugang pangkaisipan na makakuha ng suporta sa loob ng kanilang komunidad sa halip na pumunta sa ospital.

Pagpapatuloy ng serbisyo: Tingnan ang pagpapatuloy ng pangangalaga.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang tagapagkaloob na hindi kasama sa network nang hanggang 12 buwan kung sang-ayon ang tagpagkaloob ng serbisyo at county.

Copayment (co-pay): Isang pagbabayad na binibigay ng isang miyembro, kadalasan sa oras ng serbisyo, bilang karagdagan sa pagbabayad ng tagaseguro.

Mga Sakop na Serbisyo: Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang county ang responsable sa pagbabayad. Ang mga sakop na serbisyo ay nasasaklaw sa mga tadhana, kondisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata sa Medi-

Cal, anumang pagbabago sa kontrata, at ayon sa nakalista sa Handbook ng Miyembro na ito (kilala rin bilang Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw o EOC at Form ng Pagsisiwalat).

Mga serbisyong may pag-unawa sa kultura: Pagbibigay ng mga serbisyong may paggalang at tumutugon sa kultura, wika, at paniniwala ng isang tao.

Itinalagang mahahalagang (mga) taong sumusuporta: (Mga) taong itinuturing ng miyembro o ng tagapagkaloob ng serbisyo na mahalaga sa tagumpay ng paggamot. Maaaring kabilang dito ang mga magulang o legal na tagapag-alaga ng isang menor de edad, sinumang nakatira sa parehong sambayanan, at iba pang kamag-anak ng miyembro.

DHCS: Ang Kagawaran ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa programang Medi-Cal.

Diskriminasyon: Ang hindi patas o hindi pantay na pagtrato sa isang tao batay sa kanilang lahi, kasarian, relihiyon, oryentasyong sekswal, kapansanan, o iba pang katangian.

Maaga at pana-panahong screening, diagnostic, at paggamot (EPSDT): Pumunta sa “Medi-Cal para sa mga Bata at Kabataan.”

Mga serbisyo sa paggamot sa pamilya: Nagbibigay ng suporta at paggamot sa mga bata at kanilang pamilya upang tugunan ang mga hamon sa kalusugang pangkaisipan sa loob ng tahanan.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya: Mga serbisyong naglalayong iwasan o ipagpaliban ang pagbubuntis. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay sa mga miyembrong nasa edad ng pagbubuntis upang matulungan silang tukuyin ang bilang at pagitan ng kanilang mga anak.

Bayad-sa-Serbisyo (Fee-for-Service FFS) Medi-Cal: Modelo ng pagbabayad kung saan ang mga tagapakaloob ng Serbisyong Pangkalusugan ng Pag-uugali ay binabayaran para sa bawat serbisyong ibinibigay nila sa pasyente, sa halip na

isang buwanang o taunang bayad kada pasyente. Saklaw ng programang ito ang Medi-Cal Rx.

Pinansyal na obligasyon: Pagiging responsable sa pagbabayad ng utang o gastos.

Bahay-ampunan (Foster home): Isang sambahayan na nagbibigay ng 24-oras na pansamantalang pangangalaga sa mga batang hiwalay sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga.

Pandaraya: Isang sinadyang kilos upang manlinlang o maling representasyon na ginawa ng isang tao nang may kaalaman na ang panlilinlang o maling representasyon ay maaaring magresulta sa ilang hindi awtorisadong benepisyo sa kanilang sarili o sa ibang tao.

Buong saklaw ng Medi-Cal: Libre o murang pangangalagang pangkalusugan para sa mga tao sa California na nagbibigay ng higit pa sa pang-emerhensiya na pangangalaga. Nagbibigay ito ng serbisyong medikal, dental, kalusugang pangkaisipan, pagpaplano ng pamilya, at pangangalaga sa paningin (mata). Saklaw din nito ang paggamot para sa paggamit ng alak at droga, gamot na inireseta ng iyong doktor, at iba pa.

Karaingan: Pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng isang miyembro ng kanilang hindi kasiyahan tungkol sa isang serbisyong saklaw ng Medi-Cal, isang planong pinamamahalaang pangangalaga, isang county, o isang tagapagkaloob ng Medi-Cal. Ang karaingan ay pareho sa reklamo.

Tagapangalaga o Tagapag-alaga: Isang taong legal na responsable para sa pangangalaga at kapakanan ng ibang tao, kadalasan isang bata o isang taong hindi kayang alagaan ang kanilang sarili.

Ospital: Lugar kung saan ang miyembro ay tumatanggap ng pangangalagang inpatient at outpatient mula sa mga doktor at nars.

Pagkakaospital: Pagpasok sa ospital para sa paggamot bilang isang inpatient.

Mga Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (Indian Health Care Providers, IHCP): Isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinapatakbo ng Sebisyon Pangkalusugan ng Indian (Indian Health Service, IHS), isang Tribo ng mga Indian, Programa sa Kalusugan ng mga Tribo, Organisasyon ng mga Tribo o Urban Indian Organization (UIO) gaya ng mga terminong iyon na binibigyang kahulugan sa Seksyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (25 U.S.C. seksyon 1603).

Paunang Pagtatasa: Pagsusuri sa miyembro upang matukoy ang pangangailangan para sa mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan o paggamot para sa sakit sa paggamit ng substansiya/droga.

Paglilinis ng katawan mula sa droga o alkohol ng Inpatient: Boluntaryong serbisyo sa medikal na pangangalagang talamak para sa detoxification para sa mga miyembrong may malalang komplikasyong medikal na nauugnay sa pagtigil.

Pinagsamang Modelo ng Pangunahing Kasanayan: Isang gabay na naglalahad ng mga halaga, pamantayan, at pamamaraan sa pakikipagtrabaho sa mga bata, kabataan, at pamilya sa California.

Lisensiyadong propesyonal sa kalusugang pangkaisipan: Sinumang tagapagkaloob na may lisensya alinsunod sa naaangkop na batas ng Estado ng California, tulad ng mga sumusunod: lisensiyadong manggagamot, lisensiyadong sikologo, lisensiyadong klinikal na social worker, lisensiyadong propesyonal na klinikal na tagapayo, lisensiyadong terapistang pag-aasawa at pamilya, rehistradong nars, lisensiyadong bokasyonal na nars, lisensiyadong psychiatric technician.

Lisensiyadong ospital na saykayatriko: Isang lisensiyadong pasilidad sa paggamot sa kalusugang pangkaisipan upang magbigay ng 24-oras na pangangalagang inpatient para sa mga may sakit sa pag-iisip, walang kakayahan, o may panganib sa kanilang sarili o sa iba.

Lisensyadong pasilidad ng tirahan: Mga pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyong hindi medikal para sa mga nasa hustong gulang na nagpapagaling mula sa mga problemang may kaugnayan sa maling paggamit o pag-abuso sa alkohol o iba pang droga (AOD).

Plano ng pinamamahalaang pangangalaga: Isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na gumagamit lamang ng ilang partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya, at ospital para sa mga tatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon.

Medi-Cal: Ang bersyon ng pederal na programang Medicaid ng California. Nag-aalok ang Medi-Cal ng libre at murang saklaw sa kalusugan sa mga kwalipikadong taong naninirahan sa California.

Medi-Cal para sa mga Bata at Kabataan: Isang benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang upang matulungan silang manatiling malusog. Dapat sumailalim ang mga miyembro sa tamang pagsusuri sa kalusugan para sa kanilang edad at mga naaangkop na screening upang matukoy ang mga problema sa kalusugan at magamot nang maaga ang mga karamdaman. Dapat silang magpagamot upang maalagaan o matulungan ang mga kondisyong maaaring makita sa mga check-up. Ang benepisyong ito ay kilala rin bilang benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

Espesyalista ng Suporta sa Kapwa/Peer ng Medi-Cal: Isang indibidwal na may direktang karanasan sa mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali o paggamit ng substansiya/droga at nasa proseso ng paggaling, na nakakumpleto ng mga kinakailangan ng programang sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng isang county, na sertipikado ng county, at nagbibigay ng mga serbisyo sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, may waiver, o rehistrado sa Estado.

Medi-Cal Rx: Isang serbisyo ng benepisyo sa parmasya na bahagi ng FFS Medi-Cal at kilala bilang "Medi-Cal Rx" na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo sa parmasya, kabilang ang mga gamot na may reseta at ilang medikal na suplay sa lahat ng miyembro ng Medi-Cal.

Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan): Para sa mga miyembrong 21 taong gulang o pataas, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag ito ay makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang buhay, upang maiwasan ang malubhang sakit o malubhang kapansanan, o upang maibsan ang matinding pananakit. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung ito ay upang itama o mapabuti ang isang sakit o kondisyon ng isip na natuklasan ng isang serbisyo sa screening.

Paggamot na Tinutulungan ng Gamot (Medication Assisted Treatment, MAT): Ang paggamit ng gamot na inaprubahan ng FDA kasama ng pagpapayo o mga terapiya sa pag-uugali upang makapagbigay ng isang "buong-pasyente" na pamamaraan sa paggamot ng sakit sa paggamit ng substansya.

Miyembro: Isang indibidwal na nakatala sa programang Medi-Cal.

Krisis sa kalusugang pangkaisipan: Kapag ang isang tao ay nakararanas ng isang sitwasyon kung saan ang kanilang mga pag-uugali o sintomas ay naglalagay sa kanilang sarili o sa iba sa panganib at nangangailangan ng agarang atensyon.

Plano sa kalusugang pangkaisipan: Ang bawat county ay may plano sa kalusugang pangkaisipan na responsable sa pagbibigay o pagsasaayos ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa mga miyembro ng Medi-Cal sa kanilang county.

Network Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang tagapagkaloob ang nakipagkontrata sa county upang magbigay ng pangangalaga.

Transportasyong medikal na hindi pang-emerhensiya: Transportasyon gamit ang ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi maaaring gumamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Transportasyong hindi medikal: Transportasyon kapag naglalakbay papunta at pabalik sa isang appointment para sa isang serbisyong sakop ng Medi-Cal na awtorisado ng tagapagkaloob ng serbisyo ng isang miyembro at kapag kumukuha ng mga reseta at mga medikal na suplay.

Tanggapan ng Ombudsman: Tumutulong sa paglutas ng mga problema mula sa isang walang pinapanigang pananaw upang matiyak na natatanggap ng mga miyembro ang lahat ng medikal na kinakailangan at sakop na serbisyo kung saan ang mga plano ay may pananagutan sa kontrata.

Paglalagay sa labas ng tahanan: Pansamantala o permanenteng pag-alis sa isang bata mula sa kanilang tahanan patungo sa isang mas ligtas na kapaligiran tulad ng sa isang pamilyang aampon o sa isang panggrupong tahanan.

Hindi kasama sa network na tagapagkaloob: Isang tagapagkaloob ng serbisyo na hindi bahagi ng nakakontratang network ng county.

Mula sa bulsa: Isang personal na gastos sa isang miyembro upang makatanggap ng mga sakop na serbisyo. Kabilang dito ang mga premium, copay, o anumang karagdagang gastos para sa mga sakop na serbisyo.

Mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan para sa outpatient: Mga serbisyo para sa outpatient na mga miyembrong may banayad hanggang katamtamang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan kabilang ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugang pangkaisipan (psychotherapy)
- Pagsusuring sikolohikal kapag klinikal na ipinahiwatig upang suriin ang isang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa terapiya ng gamot
- Konsultasyon sa saykayatriko

- Laboratoryo, mga suplay, at mga suplemento para sa outpatient

Kalahok na tagapagkaloob ng serbisyo (o kalahok na doktor): Isang doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang ang mga pasilidad na sub-acute na may kontrata sa county upang mag-alok ng mga sakop na serbisyo sa mga miyembro sa oras na mabigyan ng pangangalaga ang isang miyembro.

Pagbuo ng plano: Isang aktibidad sa serbisyo na binubuo ng pagbuo ng mga plano ng kliyente, pag-apruba ng mga plano ng kliyente, at/o pagsubaybay sa pag-unlad ng isang miyembro.

Mga gamot na may reseta: Isang gamot na legal na nangangailangan ng order mula sa isang lisensyadong tagapagkaloob ng serbisyo na ibibigay, hindi tulad ng mga over-the-counter ("OTC") na gamot na hindi nangangailangan ng reseta.

Pangunahing pangangalaga: Kilala rin bilang "regular na pangangalaga". Ito ay mga serbisyong medikal na kinakailangang serbisyo at pangangalagang pang-iwas, mga pagbisita para sa maayos na kalagayan ng bata, o pangangalaga tulad ng regular na follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng mga serbisyong ito ay upang maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

Tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (PCP): Ang lisensyadong tagapagkaloob ng serbisyo na mayroon ang isang miyembro para sa halos lahat ng kanilang pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang pangangalagang kailangan nila. Ang isang PCP ay maaaring isang:

- Doktor ng pangkalahatang medisina
- Doktor ng panloob na medisina
- Doktor ng mga bata
- Doktor ng pangangalagang pampamilya
- OB/GYN (Doktor ng pagbubuntis at kalusugan ng kababaihan)
- Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (IHCP)

- Pampederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (Federally Qualified Health Center, FQHC)
- Klinikang Pangkalusugan sa Kanayunan (Rural Health Clinic, RHC)
- Nars na praktisyoner
- Katulong na manggagamot
- Klinika

Paunang awtorisasyon (paunang pag-apruba): Ang proseso kung saan ang isang miyembro o ang kanilang tagapagkaloob ng serbisyo ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa county para sa ilang partikular na serbisyo upang matiyak na sakop sila ng county. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang awtorisasyon ay kapareho ng paunang pag-apruba.

Paglutas ng problema: Ang prosesong nagpapahintulot sa isang miyembro na lutasin ang isang problema o alalahanin tungkol sa anumang isyu na may kaugnayan sa mga responsibilidad ng county, kabilang ang paghahatid ng mga serbisyo.

Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo: Isang listahan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa network ng county.

Kondisyong medikal na pang-emerhensiya sa saykayatriko: Isang sakit sa isip kung saan ang mga sintomas ay malala o sapat na malala upang magdulot ng agarang panganib sa miyembro o sa iba o ang miyembro ay agad na hindi makapagbigay o makagamit ng pagkain, tirahan, o damit dahil sa sakit ng isip.

Sikolohikal na pagsusuri: Isang pagsusuri na tumutulong upang maunawaan ang mga iniisip, nararamdaman, at kilos ng isang tao.

Referral: Kapag sinabi ng PCP ng isang miyembro na maaaring makakuha ang miyembro ng pangangalaga mula sa ibang tagapagkaloob ng serbisyo. Ang ilang sakop na serbisyo sa pangangalaga ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

Mga serbisyo sa terapi at kagamitan para sa pagpapagaling at pagpapaunlad ng kakayahan: Mga serbisyo at aparato upang matulungan ang mga miyembrong

may mga pinsala, kapansanan, o malalang kondisyon na makakuha o makabawi ng mga kasanayan ng isip at pisikal.

Mga serbisyong pansamantalang tirahan: Nagbibigay ng pansamantalang pabahay at suporta sa mga taong walang tirahan o nakakaranas ng krisis sa pabahay.

Screening: Isang mabilisang pagsusuri ang isinagawa upang matukoy ang pinakaangkop na mga serbisyo.

Pagbabahagi ng gastos: Ang halaga ng perang dapat bayaran ng isang miyembro para sa kanilang mga gastusing medikal bago bayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo.

Malubhang emosyonal na kaguluhan (mga problema): Tumutukoy sa isang malubhang sakit sa isip, pag-uugali, o emosyonal sa mga bata at kabataan na nakakasagabal sa kanilang kakayahang gumanap nang maayos sa tahanan, paaralan, o sa komunidad.

Espesyalista (o doktor na dalubhasa): Isang doktor na gumagamot ng ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ginagamot ng isang orthopedic surgeon ang mga bali na buto; ginagamot ng isang allergist ang mga allergy; at ginagamot ng isang cardiologist ang mga problema sa puso. Sa karamihan ng mga kaso, kakailanganin ng isang miyembro ang referral mula sa kanilang PCP upang pumunta sa isang espesyalista.

Mga espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan (Specialty mental health services, SMHS): Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa serbisyo sa kalusugang pangkaisipan na mas mataas kaysa sa banayad hanggang katamtamang antas ng kapansanan.

Nakabatay sa lakas: Tinitingnan ang kakayahan ng isang tao sa halip na pagtuunan ang kanilang mga problema.

Mga serbisyo para sa karamdaman sa paggamit ng substansya: Mga serbisyong tumutulong sa mga taong nahihirapan sa adiksiyon sa droga o alkohol.

Telehealth: Isang paraan ng paghahatid ng mga serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng mga teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon upang mapadali ang pangangalagang pangkalusugan ng isang pasyente.

Trauma: Isang matinding emosyonal at sikolohikal na pagkabalisa na resulta ng pagdanas o pagkasaksi sa isang nakakatakot na pangyayari.

Mga espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan na may kaalaman sa trauma: Kinilala ng mga serbisyong ito na maraming tao na may suliranin sa kalusugang pangkaisipan ang nakaranas ng trauma, at nagbibigay sila ng pangangalaga na sensitibo at sumusuporta sa mga taong nakaranas ng trauma.

Plano sa Paggamot: Isang plano upang matugunan ang mga pangangailangan ng isang miyembro at subaybayan ang pag-unlad upang maibalik ang pinakamahusay na posibleng antas ng pagganap ng miyembro.

TTY/TDD: Mga aparatong tumutulong sa mga taong bingi, may kapansanan sa pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita na tumawag at tumanggap ng mga tawag sa telepono. Ang TTY ay nangangahulugang "Teletypewriter". Ang TDD ay nangangahulugang "Kagamitang Pangtelekomunikasyon para sa mga Bingi".

Mga bokasyonal na serbisyo: Mga serbisyong tumutulong sa mga tao na makahanap at mapanatili ang mga trabaho.

Listahan ng Paghihintay: Isang listahan ng mga taong naghihintay sa isang bagay na hindi pa makukuha sa kasalukuyan, ngunit maaaring makuha sa hinaharap.

Maayos na paglilipat: Isang maayos na paglilipat ng pangangalaga mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo patungo sa isa pa.